# *MGA SIRANG BALON*

Lord, I believe; Lord, I believe,
All things are possible; Lord, I believe.

2 Tayo ay manatiling nakatayo pansumandali at iyukod ang ating mga ulo. Panginoong Jesus, kami ay nagsisikap sa aming munting kaparaanan, na maihayag sa Iyo, sa pamamagitan ng pag-awit nito, na kami ay sumasampalataya. At kami ay dumadalangin, Panginoon, na ngayon, na Iyong patuloy na pagputol-putulin ang Tinapay ng Buhay sa amin, ipinagkakaloob sa amin ang kung anong kinakailangan namin, mula sa Iyong Salita. Sapagka't hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

3 Kayo'y makakaupo na. Ako'y nakasisiguro, kung dapat tayo'y, kung aking sasabihin ang kasiya-siyang salita ngayon ng "amen," na ang mga dakilang pagpapala ng Dios ay patuloy pa ring mananatili sa mga tagapakinig na ito.

4 Ako'y naupo ngayong umaga at nakinig nang maigi sa gawain, nasiyahan sa mga patotoo, ang iba't ibang kaparaanan ng bawa't isa ng pagpapahayag sa kanilang sarili. At na marinig ang mga bagong tanggap, ang kapatid na Baptist dito na pumarito para humingi ng paumanhin sa pag-iisip niya ng isang munting kamaliang 'yon. Kaya aking—aking tunay na hinahangaan ang tao, isang tao na magagawang magpakatao, o—o maging maginoo, rin, kung iniisip niya na siya'y nakagawa ng isang pagkakamali. Siya'y hindi talaga sa akin humingi ng paumanhin, hindi ako ang hinihingan niya ng paumanhin, ito'y sa Dios. Kaya aking—aking hinahangaan 'yan, kita n'yo. Pagpalain ng Dios ang ating kapatid, at ang kaniyang kapatid na ebanghelista.

5 Naku, 'yang Baptist, alam n'yo, ako'y dating kabilang sa iglesyang Baptist mismo. Ako ay dating miyembro ng Missionary Baptist Church. Kapag ako'y nakikihalubilo sa mga tao, alam ko kung ano ang iyong nararamdaman. Ako'y nakaramdam din ng gayon, parang puno ng isang bagay na aking—aking hindi alam.

6 Aking naaalala ang aking unang karanasan na makakita ng isang pentecostal, ito ay sa Dowagiac, Michigan . . . hinihingi ko ang inyong paumanhin, ako ay nanggaling noon ng Dowagiac sa isang pangingisdang paglalakbay, at ako noo'y paparating mula sa Dowagiac, patungo doon sa Indiana. At kaya nakita ko ang mga pangalan, na "Jesus" sa palibot ng mga kotse at mga bagay-bagay, at ako ay nakinig sa kanilang mga gawain nang araw na iyon. At nang sumunod na araw hiniling nila sa akin na pumunta sa entablado, upang magsalita ng ilang mga pananalita, at ginawa ko. At ako . . . Kanilang tinanong ako kung

saang iglesya ako nabibilang, at sinabi ko sa kanila na ako ay isang Baptist.

7 At nang gabing iyon mayroon silang isang matandang itim na lalaki na mangangaral, at siya ay maaaring nasa mga huling taon na ng pagiging otsenta, at siya ay lumabas patungo sa entablado. Ang matandang lalaki, halos kailangan pa nila siyang alalayan palabas. Siya ay, nakasuot 'nung isa sa mga mahahabang pang-ministrong americana, na velvet ang kuwelyo, at mayroon lamang isang maliit na puting balahibo na nakapalibot sa gilid. At naisip ko, "Lahat nitong mga tao rito at mga teologo, dakilang tao, paano nila hinayaan ang gawaing ito na maibigay sa isang taong tulad niyan? Aba, ang matandang lalaki ay dapat na nasa isang upuan kung saan, nakaupo."

8 Sila ay nangaral nang araw na 'yon tungkol sa ginawa ni Jesus dito sa lupa. At, nguni't siya'y dumating, kinuha ang kaniyang teksto, naniniwala ako ito ay mula sa Job. . .:7, 20, hindi ako nakasisiguro na 'yan ang Kasulatan. Gayun man, ito ang sipi, o ilang bahagi nito, "Saan ka nandoon nang ilagay Ko ang mga patibayan ng lupa, nang ang mga bituin pang-umaga ay magsiawit na magkakasama, at ang mga anak ng Dios ay naghihiyawan sa kagalakan?" At siya ay nangusap kung ano ang naganap sa Langit, samantala sila ay nangusap sa kung ano ang naganap sa lupa.

9 At sa kung saan, sa loob ng limang minuto pagkatapos niyang mangusap, siya, ang Espiritu ng Panginoon ay tumama sa kaniya, at siya ay lumundag nang napakataas sa sahig at pinalagutok ang kaniyang mga takong na magkasama. Naku, may sobra-sobrang espasyo, mayroong halos kalahati sa entabladong ito; at siya ay nagpalakad-lakad, sabi, "Wala lamang kayong sapat na lugar sa taas dito para sa akin upang mangaral."

10 Buweno, ako'y mga nasa dalawampung taong gulang noon. Naisip ko, "Kung—kung 'yan ay magagawa iyan para sa matandang lalaking 'yan, ano pa kaya ang magagawa nito para sa akin?" Kaya kita n'yo?

11 Alang-alang sa pagsisikap na ang lahat ng bagay ay maging maayos lamang para sa ating mga bagong kapatid, na ating tunay na tinatanggap sila sa ating pagsasamasama. Aking nakita, naniniwala ako na nabanggit nila ang isang pari na nakaupo rito, palagay ko; syempre, bilang taga-Ireland, ang aking mga kaanak ay Katoliko. At kaya may mga ilan pa, Baptist at mga iba't iba. Kayo marahil ay medyo naguluhan, kani-kanina lang. Aking napansin na wala sa mga kapatiran ang nangusap tungkol dito, nguni't naisip ko na susubukan kong ituwid ito. Nang si Kapatid na Shakarian. . . Pagkatapos na ang mabuting mangangaral dito ay lubos na napuno ng kagalakan, sa pagkaalam na ang Pagparito ng

Panginoon ay sadyang napakalapit na, siya—siya ay nangusap sa isang hindi nauunawaang wika, sa atin. At tayo'y may mga tagapagpaliwanag na nagbigay ng interpretasyon. Na, ang sinasabi ng Kasulatan, "Kung wala mang tagapagpaliwanag, kung gayon sila'y manahimik." Nguni't kung—kung sila'y nangagsalita sa ibang mga wika at pagkatapos ipinaliwanag ito, ito'y nagiging propesiya. Kaya ang kaunting kaguluhan ng—ng dalawa sa kanila sa isang pagkakataon. Ngayon, 'yan ay medyo hindi nakakalito, kita n'yo; dahil, isa sa kanila ay nagbibigay ng interpretasyon, ang isa ay nagpropropesiya. Kita n'yo? Kaya 'yan. . .

12 Aking naisip na aking ipauunawa sa ating mga kapatiran, kung hindi nila naunawaan, dahil ang isa sa kanila ay tamang nagbibigay. . .Inyo bang napansin ang limitasyon sa oras ng bawa't isa? At ang isa ay sadyang napuspos, siya mismo, na ang Espiritu ng Dios ay nagpropropesiya sa pamamagitan ng isa; nagpapaliwanag, ang isa ay nagbibigay ng interpretasyon. Upang ito ay maging malinaw, na kayo. . .hindi tayo. . .Minsan, sa natural na pag-iisip. . . Tulad na lamang ng ating minamahal na kapatid na humingi ng paumanhin ngayong umaga. Ito ay medyo nakakalito sa tao na hindi nakauunawa. Nguni't sa kanilang nakapasok na, ang mga beterano sa pakikipagbaka na ating kinapapalooban, aba, nauunawaan natin 'yan, kung ano ang mga bagay na ito. Kaya nga naisip ko lang na ako'y magsasabi ng isang bagay patungkol dito, kung ito ay ayos lang.

13 Ngayon, aking—aking nalalaman na hindi ito ang lugar upang sabihin ito. Pero dahil sa ang lahat ay nagsasabi ng maliliit na mga bagay, ako. . .Alam n'yo, ang taong 'yan ay nagsabi, ang sabi ng matandang itim na lalaki, "wala kayong sapat na lugar para sa akin upang mangaral." Wala kayong sapat na *oras* para sa akin upang makapangaral. [Ang kongregasyon ay pumalakpak—Pat.] Medyo mahabang pagsasalita.

14 Isang lalaki ang nagsabi isang araw, sabi, "Isang ministro ang dumating, siya ay naging pastor sa iglesya sa loob ng dalawampung taon. At siya'y lagi nang nangangaral ng eksaktong tatlumpung minuto bawa't Linggo ng umaga sa kaniyang simbahan." At sabi niya, "Itong Linggo ng umaga, nangaral siya ng tatlong oras."

15 At kaya ang sanggunian ng mga diakono ay tinawagan siya, at sabi, "Pastor, aming lubos na pinasasalamatan ka." Sabi, "Aming lagi nang alam na—na ika'y naninindigan para sa Biblia at sa mga katuwiran Nito." At sabi pagkatapos, "At lagi mo kaming itinutuwid upang madama namin na dalisay at malinis kami sa harap ng Dios. At kami'y tunay na nagpapasalamat sa iyo, at kami'y naniniwalang ika'y lingkod ng Dios. At tunay na aming pinasasalamatan ang mensaheng 'yon kaninang umaga. Pero," sabi, "may isang bagay lamang na gusto naming hilingin sa iyo." Sabi, "Inorasan ka namin, bilang isang sanggunian ng

mga diakono." Sabi, "Bawa't Linggo ng umaga ika'y eksaktong tatlumpung minuto lamang, at ngayon umabot ka ng tatlong oras." Sabi, "Ngayon, tandaan, pinasasalamatan namin bawa't katiting nito. Ito'y ayos lang." Pinabubuti ang pakiramdam ng matandang tao, alam n'yo na.

16 Sabi niya, "Buweno, mga kapatid, sasabihin ko sa inyo kung paano ito." Sabi, "Tuwing umaga pag ako ay tutungo sa. . .Ako'y tatawagin sa pulpito," sabi, "aking nilalagay ang isa sa mga munting Life Saver sa aking bibig," sabi niya, "at akin lamang sinisipsip ito." At sabi, "Pag naubos na ang Life Saver," sabi, "ito'y umaabot lamang ng tatlumpung minuto," at sabi, "pagkatapos ako'y tumitigil na sa pangangaral." Sabi niya, "Alam n'yo, kaninang umaga, naisip ko na ako'y medyo sumobra sa oras. Aking inilura ito, ako'y may butones pala sa bibig ko." [Ang kongregasyon ay nagtawanan—Pat.]

17 Ako'y hindi maglalagay ng anumang bagay sa loob, kaya umaasa tayo na wala tayong makukuhang butones sa ating mga bulsa. Pero tayo ay. . .Ako'y umaasang 'yon ay hindi tila paglapastangan dito. Nguni't ako lamang. . .Alam n'yo, maging ang Dios ay may ugaling mapagpatawa, alam n'yo.

18 Kaya tayo'y lubos na nagpapasalamat na maparito at magkaroon ng ganitong panahon ng pagsasamasama, at—at sa dakilang prebilehiyong ito na magputul-putol ng Tinapay ng Buhay minsan pa, sa aking sariling munting simpleng kaparaanan. Alam ko, bilang mga teologo, tulad 'nung taong 'yan na nagsalita rito kagabi mula sa Inglatera; naku, ayaw kong malagay na kasunod ng isang taong tulad niyan, sa aking ikapitong grado ng edukasyon. Nguni't umaasa ako na ang Dios ang magpapaliwanag sa inyo ng kahulugan sa aking puso. Kita n'yo? Kung ang aking mga salita ay hindi tama; ang aking mga hangarin, ako—ako'y nagtitiwala, ay tama.

19 Ngayon ating basahin sa Kasulatan. Marami sa inyo ang nais na sumunod. At aking babasahin sa umagang ito, sa ilang sandali lamang, mula sa Aklat ni Jeremias, na propeta, sa ika-2 kabanata, at ako'y magpapasimula ngayon sa ika-1 bersikulo.

> *At ang salita ng* P*ANGINOON* *ay dumating* sa *akin, na nagsasabi,*
>
> *Ikaw ay yumaon at humiyaw sa mga pakinig ng Jerusalem, na iyong sabihin, Ganito ang sabi ng* P*ANGINOON; Inaalala ko sa ikabubuti mo, ang kagandahang loob ng iyong kabataan,* at *ang pagibig sa iyong mga* pagaasawa*; kung paanong ikaw ay sumunod sa akin sa ilang,* at sa *lupain na hindi hinasikan.*
>
> *Ang Israel ay kabanalan sa* P*ANGINOON, na mga pangunang bunga ng kaniyang halaman: lahat ng nagsisisakmal sa kaniya ay*. . .at *aariing salarin; kasamaan ay darating sa kanila, sabi ng* P*ANGINOON*.

*Inyong dinggin ang salita ng* P*ANGINOON*, *Oh sangbahayan ni Jacob, at lahat na angkan ng sangbahayan ng Israel:*

*Ganito ang sabi ng* P*ANGINOON*, *Anong kalikuan ang nasumpungan ng inyong mga magulang sa akin, na sila'y nagsilayo sa akin, at nagsisunod sa walang kabuluhan, at naging walang kabuluhan?*

*Hindi man nila sinabi, Saan nandoon ang* P*ANGINOON* *na nagahon sa atin mula sa lupain ng Egipto,* at *pumatnubay sa atin sa ilang, sa mga lupaing* ilang *at bako-bako,* sa *lupaing may pagkakatuyo, at* mga lilim *ng kamatayan, sa lupain na walang dumaraan, at*. . . *walang taong* tumatahan?

*At dinala ko kayo sa saganang lupain, upang kumain ng bunga niyaon at ng kabutihan niyaon; nguni't nang* kayo'y *pumasok, ay inyong hinawahan, ang aking lupain, at ginawa ninyong kasuklamsuklam ang* aking *mana.*

At *hindi sinabi ng mga saserdote, Saan naroon ang* P*ANGINOON*? *At silang nagsisihawak ng kautusan ay hindi nakakilala sa akin:* at *ang mga pinuno naman ay nagsisalansang laban sa akin, at ang mga propeta ay nanganghula sa pamamagitan ni Baal, at nagsilakad na sumunod sa mga bagay na hindi pinakikinabangan.*

Sa gayon *ako'y*. . .*makikipagtalo pa sa inyo, sabi ng* P*ANGINOON*, *at sa mga anak ng inyong mga anak ay makikipagtalo ako.*

*Sapagka't*. . .*mangagdaan kayo sa mga* lupain *ng Chittim, at tingnan, at* sa Cedar, *at mangagbulay na maingat* diyan, *at inyong tingnan kung may nangyaring ganyang bagay.*

*Ipinagpalit baga ng isang bansa ang kanilang mga dios, na*. . .*hindi mga dios? nguni't ipinagpalit ng aking bayan ang kanilang kaluwalhatian* sa *hindi pinakikinabangan.*

*Mangagtaka kayo, Oh kayong mga langit, sa bagay na ito, at mangatakot ng* kakilakilabot,. . . *mangatuyo kang lubha, sabi ng* P*ANGINOON*.

*Sapagka't ang bayan ko ay nagkamit ng dalawang kasamaan; kanilang iniwan ako na bukal ng buhay na tubig, at* nag*sigawa sa ganang kanila ng mga balon, mga sirang balon, na hindi malalamnan ng tubig.*

20 Ang Panginoon nawa ang magdagdag ng Kaniyang mga pagpapala sa pagkabasa ng Kaniyang mga Salita. At nais ko na—na kunin ang teksto niyan, bilang, *Mga Sirang Balon.*

21 Nang, sa pagbasa sa Kasulatang ito ngayong umaga; na, lahat ng Kasulatan ay ibinigay na kinasihan. At tayo ay nagtutungo sa Tahanan ng Panginoon para sa pagsaway at para sa ikatututo. At minsan ating nakikita na . . . anumang maliit na bagay sa daraanan.

22 Tulad ng sundalong lalaking ito, kanina lang, ay nangungusap sa atin at nagsasabi na ang ilang mga bagay-bagay, na marahil baka sa ibang bansa ay may isang missile, o—o isang bagay sa ganyang palagay, at kailangan nating makahanap ng isang bagay para mahadlangan 'yan sa—sa isang militar na estratehiya.

23 Buweno, ganyan ding bagay ang nangyayari sa loob ng isang iglesya, sa isang parokya kung saan ang isang tao ay nangangaral, o kung siya ay isang ebanghelista sa larangan. Pag nakakakita siya ng mga pag-aalsa, at isang bagay na nagpapasimula pa lamang, nangyayari, ito'y bago pa o anuman ito; ito'y ang taong 'yan, kung siya ay isang lingkod ng Dios, na hadlangan ang bagay na 'yan ng napakalayo mula sa kaisipan ng mga tao na sila'y mananatiling malayo mula rito. At ayaw natin na mangyari 'yan, na tayo'y mapasa mga kalalagayang tulad niyan.

24 Ngayon, sa panahon ni Jeremias dito, ang kaniyang propesiya, ito'y may mga animnapung taon na noon mula sa pagkamatay ni—ni Isaias—Isaias. At sila noon ay mga animnapung taon nang walang pangunahing propeta. Naroon si Habacuc at ilan sa mga minoryang propeta, nguni't si Isaias ang huling pangunahing propeta. At ang mga tao ay, sa panahong ito, ay walang sinuman na tatawag palabas sa kanila. Sila'y natatangay na. Gayun man, sila ay bayan ng Dios, na natangay sa kalalagayang ito ngayon na—na kinasumpungan natin sa kanila, nang si Jeremias ay dumating upang magpropesiya sa kanila. At si Jeremias din ay . . . Siya ay nagpropesiya bago pa ang pagtapon, at siya rin ay tinapon na kasama sila.

25 At pagkatapos, syempre pa, si Daniel ay dumating pagkatapos ni Jeremias. At sinabi ni Daniel na mayroon siyang mga pagkaunawa, sa pamamagitan ng Kasulatan, sa pitumpung mga taon na sila ay maparoroon.

26 Mangyari pa, may iba pang propeta sa kalagitnaan nila, na gustong gawin ang pamatok na ito, habang kaniyang inilagay ito sa kaniyang leeg, na ito'y magiging isang maliit na bagay, na, "Sa loob ng dalawang taon, buweno, ang Dios ay ibabalik silang lahat," pero si Jeremias ay iba ang pagkaalam mula riyan. At alam natin kung anong nangyari sa propeta na nagpropesiya ng mali, siya'y namatay sa taon ding iyon. Kaya ang Dios ay hindi hahayaan siyang manaig.

27 At ngayon atin ding napansin ang mga kalalagayan ng mga tao sa panahong iyon. Ngayon hindi ko ninasa na inyong

hindi maunawaan ako (ako—ako'y hindi nagbabalak) kung anong balak kong sabihin dito, ilang mga Kasulatan at mga munting itinala.

28 Dati-rati hindi ko kailangan na—na isulat ang aking mga Kasulatan at mga bagay. Nguni't pagkatapos na ako'y lumampas ng dalawampu't limang taon sa pangalawang pagkakataon, buweno, ako—ako'y hindi na makaalala tulad nang dati, kaya isinusulat ko ang isang Kasulatan at para bang nalalaman, mula riyan, kung saan ako patutungo. At pagkatapos napakaraming panahon na nananalangin para sa maysakit, at iba pa, at nasa labas at umaalis, ako'y wala nang panahon para talagang mag-aral tulad ng dapat kong gawin.

29 Ngayon, nguni't itong dakilang propeta sa panahong ito, ay si Jeremias, at siya ay tila bang nasa hanay ni Amos at marami pa sa ibang mga propeta na lumitaw. Siya ay naantig nang kaniyang makita ang kalalagayan ng bansa. Ngayon may mga lugar . . .

30 Minsan pag ikaw ay nangungusap ng tungkol sa isang bansa, maaaring isipin na ito'y tumutukoy sa isang—isang kilalang grupo. Hindi ito ganoon. Ito'y ang pangkalahatang kalagayan ng bansa. At ating nakikita, sa araw na ito, isang—isang talagang kaparis na kalalagayan ngayon tulad nuon sa mga araw ni Jeremias, na ang bansa mismo, sa kalahatan, ay napunta na sa, humigit-kumulang sa, pagsamba sa diyus-diyusan; para bang ganoon, masasabi ko, lumayo mula sa Dios. At sa paggawa 'nun, ito'y ang kahinaan noon pa man ng pulpito. Sapagka't, kung ang pulpito ay nanatiling matuwid, at kasama ang Salita ng Dios, ang Dios ay sasabawa't iglesya tulad ng pagkilos Niya rito sa ating kalagitnaan. Nguni't sila ay napalayo mula riyan. At 'yan ang bagay na aking—aking gustong pag-usapan sa umagang ito. At ngayon ating nalamang 'yan ay ganap na katotohanan sa bawa't panahon.

31 Ako'y naniniwalang ito'y si Amos, nang aking tinutukoy siya kanina, na sinabi niya na siya ay "hindi isang propeta, ni anak ng isang propeta." Nguni't sabi, na, "Kapag ang leon ay umungal, sinong hindi matatakot?"

32 At kung meron mang nakarinig na ng isang tunay na leon na umungal sa kagubatan, itong mga naririnig n'yo sa mga kulungan dito ay ngumingiyaw lamang. Nguni't kapag ang isa ay umungal sa kagubatan, lahat ay susunod. Ako'y nahiga na sa kagubatan, upang hanapin sila. At siya ang hari ng mga hayop, at, pag ang leon na iyan ay umungal, maging ang mga kulisap ay tumitigil sa paghiyaw, lahat ay gayon. Ang—ang mga jackal at ang—at ang mga hyena na humihiyaw, at ng iba pang mga hayop, at ang pagpipiyak ng mga unggoy at mga matsing, ang mga kulisap, halos hindi mo marinig ang sarili mong mag-isip; nguni't sa kalayuan hayaang ang isang leon ay umungal, at bawa't kulisap ay titigil sa paghiyaw. Kita n'yo, lahat ay takot

sa kaniya. Gayun man, may maraming bagay na makapapatay sa kaniya, pero siya ay kinikilala bilang hari sa gitna ng mga hayop.

33 Sabi niya, “Kapag ang leon ay umungal, sinong hindi matatakot?” Sabi niya, “Sa gayon ang Dios ay nagsalita, sinong hindi magpropropesiya?”

34 At ’yan ay, sa palagay ko, ang kalalagayan ay kakaharapin ang hamong ’yon muli ngayon. Ang Dios ay nagsalita na. Kita n’yo? At ating nakikita ang sulat-kamay sa dingding, kaya ito’y napakadaling magpropesiya at makita na tayo’y nasa huling panahon.

35 At ating nakikita ang Dios, mula sa bawa’t bahagi ng mga denominasyon, mula pa roon sa Katolisismo, sa lahat ng mga iglesyang protestante, mga Buddha at ano pa, mula India, at anupaman. Kaniyang tinatawagan ang Kaniyang bayan na magkasama-sama, tinitipon silang magkakasama. At ako’y—ako’y labis na masaya para diyan, na makita ang araw na ito na dumarating. Ngayon tayo . . . Ito’y—ito’y isang dakilang araw, isa sa mga pinakadakilang mga pribilehiyo.

36 Na, kung kinakailangan ko, kung nalaman ko bago pa nagkaroon ng mundo, nang tayo ay mga kaluluwa na bahagi ng Dios, na tayo nga, sapagka’t tayo’y kasama Niya bago pa natatag ang sanlibutan. Dahil, may isang anyo lamang ng Buhay na Walang Hanggan, at ’yan ang Dios. At tayo’y bahagi Niya. Tayo noo’y hindi gaano pa na makakaalam at—at makakapag-isip, at nagkaroon ng isang katauhan; nguni’t tayo noon ay nasa Kaniyang kaisipan kung ano tayo, bago pa natatag ang sanlibutan. Sapagka’t, tayo ay bahagi Niya, tulad ng aking anak na lalaki ay bahagi ko, at ako ay bahagi ng aking ama, at iba pa. Tayo ay mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Dios, sa pamamagitan ng Kaniyang paunang kaalaman.

37 At balik doon, kung nalaman ko lang tulad ng nalalaman ko ngayon, at maaring tumingin sa kabuuang panahon, at maaaring sinabi Niya sa akin, “Anong panahon ang nais mong mabuhay?” Maaaring sinabi kong sa panahong ito sa kasalukuyan, sa bisperas lamang ng—ng pagtatapos ng kasaysayan ng mundo, at ang nalalapit na Kaharian ng Dios na itatatag sa lupa. Sa aking palagay ito ang pinakamaluwalhating panahon sa lahat ng kapanahunan, ay ngayon mismo.

38 Ating nakita rito na ang Israel ay isinakdal ng propeta, nang itinalaga siya ng Dios at ipinadala siya. Sila ay inakusahan ng dalawang malalaking kasalanan. At nais nating mag-usap sa dalawang bagay na ’yun na kanilang nagawa. At, mula riyan, nais nating magpatuloy sa pamamagitan nito. Ngayon, sila ay tumalikod sa Dios, ang Bukal ng tubig ng buhay, at nagsigawa sa ganang kanilang sarili ng mga balon. Sila ay tumalikod mula sa bagay na ibinigay ng Dios sa kanila, at nagsigawa sa kanilang sarili ng isang bagay na kanilang ginawa sa kanilang sarili. At

ang mga balon na ito, pansinin n'yo, siya'y may, sila ay nangasira at sila ay tumatagas.

39 Ngayon, ang isang sirang balon ay hindi malalamnan ng tubig. Ito'y tatagas. Ako'y lumaki sa isang bukid, at alam ko kung ano ang lumang balon, at ang kahirapan namin sa pagkakaroon nito.

40 At ang tumutulong balon na ito ay isa—isang napakagandang larawan, sa aking palagay, ng panahong ito, na nang (ang ating) lahat ng pinagsikapan nating gawin, upang tipunin ang tao, pagsasamasamahin ang mga tao, pagsasamasamahin ang mga iglesya, ito'y naging lagi nang nasa kalalagayang pang-intelektuwal na pagsisikap. Sinikap nating gawing ang lahat ng Methodist na maging Baptist, at ganiyan din naman sa isa, at ang iba pang mga denominasyon. At hindi iyan ang programa ng Dios, sa pasimula.

41 Ang Dios ay may isa lamang dakong tagpuan. Sinabi Niya sa banda roon sa Aklat ng Exodo, na, "Aking pinili ang dako na paglalagyan ng Aking Pangalan, at 'yan ang tanging lugar na Aking kakatagpuin ang mga tao." At Siya ay pumili ng isang dako na paglalagyan ng Kaniyang Pangalan. At kung saan Niya inilagay ang Kaniyang Pangalan, doon ay kung saan Niya kinatagpo ang Israel. Siya ay may isang dako na Kaniyang kinakatagpo ang Kaniyang iglesya ngayon, at pinili Niya ang Pangalan na 'yan, at ang pangalan na 'yan ay Jesus Cristo. At diyan ay kung saan Niya kinakatagpo ang mga tunay na mananampalataya, kung siya ay na kay Jesus Cristo. Iyan ay kung saan pinili ng Dios na ilagay ang Kaniyang Pangalan.

Sasabihin mo, "Pangalan ng Dios?"

42 Sabi Niya, "Ako'y dumating sa Pangalan ng Aking Ama." Kaya 'yan ay kung saan inilagay ng Dios ang Kaniyang Pangalan, ay kay Cristo. At kay Cristo ay kung saan tayong lahat ay maaaring magtagpu-tagpo sa ilalim ng nabuhos na Dugo, at doon ay magkaroon ng tunay, totoong pagsasamasama.

43 Ang Dios ay gumawa ng Kaniyang programa sa pasimula, sa hardin ng Eden, ang lugar kung saan Niya katatagpuin ang tao, at 'yan ay hindi sa mga kaunawaang intelektuwal; kung ito'y gayon, si Eba ay eksaktong nakalinya sa Kaniyang programa. Nguni't alam natin na sa pagtanggap niya sa intelektuwal na pagkaunawa ni Satanas, "Tiyak, hindi gagawin ng Dios," nguni't sinabi ng Dios na gagawin Niya! At kaya noon pinili Niya ang lugar ng pagtutubos, at ito ay sa pamamagitan ng Dugo, at hindi sa pamamagitan ng kaalamang intelektuwal.

44 Kaya tayo'y sumusuntok lamang sa hangin, nguni't ito lamang ay makataong kaugalian na—na ang mga tao ay magsisikap na—na gawin 'yan. Kung tayo'y may oras, maaari nating mapaghiwa-hiwalay ito sa maraming bahagi, nguni't hindi ko gusto 'yang butones. Kaya atin lamang sisikaping gawin

itong kasing simple kung maaari, "tumatagas na mga balon." At ating nakikitang ito'y—ito'y tunay na nangyayari muli, ito'y ang pinakalarawan ng ating panahon na ating kinabubuhayan, ng lahat ng ating mga pagsisikap.

45 At hindi sa pagwawalang bahala sa bawa't pagpupunyagi na kahit sinong lingkod ng Dios, na sa pagsabi man lang sa Pangalan ni Jesus Cristo. Siya ay nararapat na maparangalan sa pagsasabi man lang ng Kaniyang Pangalan ng may paggalang at pagrespeto. At ang malalaking sistemang evangelistical na lumaganap sa mundo, at iba pa, sa mga huling panahong ito, sa aking palagay, hindi pa rin natin kailanman magagawang ang mga taong ito ay mapag-isang puso hanggang sa madala natin sila sa ilalim ng Dugo ni Jesus Cristo. Iyan lamang ang tanging lugar na tayo ay kailanman maging ligtas.

46 May isang tao na tumawag sa akin hindi pa katagalan, mula roon sa Silangan, at nagsabi, "Kapatid na Branham, narinig ko na lumipat ka na sa—sa Arizona, at ikaw ay bumuo ng isang—isang lugar doon kung saan may kaligtasan." At gaya ng alam n'yo kung paanong ang Mensahe ay dumating, at sinabi ng Panginoon sa akin kung ano ang mangyayari sa Alaska, at kung paanong pababa hanggang sa California ito'y mangyayari, at ito nga'y ganoon na. Sabi nila, "Ngayon kung 'yan ay yumayanig, at lahat na ng bagay, saan ang ligtas na lugar?"

47 Sabi ko, "May isang lugar na ligtas na alam ko. Iyan ay kay Cristo. Dahil ang mga na kay Cristo, ay . . . " Ito'y ang nag-iisang alam ko.

48 Ngayon si Jeremias ay tinawag, din, "ang nananaghoy na propeta." At dahil, naniniwala ako, ang dahilan na ang propeta na ito ay nanangis—nanangis, pala, ay dahil sa siya bilang isang propeta (at ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa ganoon) at nakikita ang mga tao na lumalakad ayon sa kanilang mga tradisyon, at iniisip na sila ay ayos lang, at walang paraan man lang para ibalik sila.

49 Dahil, sila ay deretso patungo sa pagtapon, sapagka't alam natin iyong aanihin kung ano ang iyong itinanim, kahit maging sino ka pa, ano ka pa. At tayo bilang isang bansa ay inani . . . o nagtanim, pala, at kailangan nating umani. Ako'y mangungusap bukas, kung loloobin ng Panginoon, sa hapon, sa *Mga Pagdaramdam sa Panganganak*; at aking—at aking natalakay 'yan doon, na tayo'y walang matatakasang anuman. Kailangan nating anihin kung ano ang ating itinanim.

50 At kung ang Dios ay hahayaan tayong makalusot sa ating pagbabaluktot sa Cristianismo ngayon, at nililiko ang mga tao sa mga bagay na ito na tinatawag na Cristianismo, tulad ng sinabi ni Kapatid na Moore minsan, "Siya ay magkakaubligasyong moral na ibangon ang Sodoma at Gomorra, at humingi ng paumanhin sa pagsunog sa kanila." Iya'y tama, sapagka't ang

Dios ay nananatiling matuwid. At kung saan may kawalan ng katarungan; ito'y—ito'y angkop sa Kaniyang kabanalan at Kaniyang Salita na Kaniyang ginagawang ang mga tao ay anihin kung ano ang kanilang itinanim, at kailangan nating gawin iyon.

51 Ngayon pansinin kanilang iniwan Siya, ang Bukal ng buhay na tubig, at nagsigawa sa ganang kanilang sarili ng mga balon.

52 Ngayon maaaring may isang tao rito na hindi maunawaan kung ano ang isang balon. Ang balon ay isang gawang-tao na tanke na ipinipilit ipalit sa lugar ng isang bukal. Ito'y isang bagay na hinukay ng tao. At ilan ang nakaaalam kung ano ang isang balon? Mabuti. Buweno, maraming taong tagalalawigan dito ngayong umaga. Kaya kanilang . . . Naaalala ko ang lumang balon sa lugar, kung anong hitsura nito, at ako'y lagi nang takot na uminom mula sa bagay na 'yon. Ito ay isang—isang gawang-tao na tangke. At ito'y hindi kailan man puwedeng asahan. Hindi ka maaaring umasa sa isang balon.

53 Ngayon anumang bagay na ginagawa ng tao ay kadalasang hindi mabuti. Pero tulad lamang ng—ng Panginoon na nagtakda sa oras sa—sa—sa pag-ikot nito, at ang mundo na umiikot; bawa't taon, sa tuwing ito'y tumatawid, bawa't araw, bawa't oras, at ang araw ay lumulubog, at ito'y hindi kailanman nabibigo. Nguni't ang pinakamainam na orasan na makukuha natin, ay mabibigo nang maraming minuto sa loob ng isang buwan, walang duda. Nguni't, nakita n'yo, lahat ng bagay na ginagawa ng Dios ay sakdal, at kung ano ang ginagawa ng tao ay hindi sakdal. Kaya bakit tatanggapin kung ano man ang gawa ng tao, kung ikaw naman ay maaaring magkaroon ng sakdal?

54 Lagi ko nang sinasabi 'yan ang tungkol sa atin na mga taong Pentecostal. Kita n'yo, alam natin, at tayo'y hindi—tayo'y hindi nawawala sa kaayusan syempre pa, ng Dios, hindi tayo naniniwala; nguni't alam din natin na sa kalagitnaan natin may mga kasama tayong mga tao na nagsisikap gayahin ang ibang tao. Iyan ay ang pagiging-tao lamang. Kanilang sisikaping gawin 'yan. Kanilang ginawa 'yan sa Biblia, "Isa, 'ako'y kay Pablo,' 'Ako'y kay Silas,'" at iba pa. Nguni't, kanilang, kanilang sinisikap gayahin ang ginawa ng iba o ginagawa.

55 Nguni't bakit mo tatanggapin ang isang maling panggagaya, kung ang kalangitan ay puno ng tunay na bagay, kung "ang pangako ay para sa inyo at sa inyong mga anak"? Bakit natin tatanggapin ang isang bagay na iba? Bakit tayo tatanggap ng isang kredo o isang dogma, kung ang Biblia ay ang walang-halong Salita ng Dios? Bakit natin pipiliting dagdagan o bawasan, gayong ang Panginoong Jesus ay nagsabi sa Apocalipsis 22:18, "Sinuman ang mag-alis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang salita Rito, ang kaniyang bahagi ay aalisin mula sa Aklat ng Buhay"?

56 Nang ang Dios ay unang inilagay ang lahi ng tao sa lupa, sinabi Niya sa kanila na mabubuhay sila sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. Ngayon ang Salita ng Dios ay tulad sa isang tanikala, ika'y dumadaan patawid sa impiyerno na kasama Nito; at ang tanikala nito ay pinakamahusay lamang sa pinakamahinang kawing nito, at nais ng Dios na ingatan natin ang bawa't Salita Nito. Ngayon 'yon ang pinakauna ng Biblia; ang suwayin lamang ang isang Salita, inihulog ang sangkatauhan sa isang kadiliman ng kamatayan.

57 Si Jesus ay dumating sa kalagitnaan ng Biblia, at sinabi Niya na, "Ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang, kundi sa bawa't Salita." Hindi lamang bahagi ng mga Salita, o siyamnapu't siyam ng isang daan; kundi ng bawa't Salita, tulad lamang nina Eba at Adan noon.

58 At sa hulihan ng Biblia, Apocalipsis 22:18, sinabi Niya na, "Sinuman ang mag-alis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang Salita Rito!"

59 Kaya bakit kailangan nating magpasok Dito ng kaisipan ng isang tao sa mga bagay-bagay, gayong ito ay Sariling Kaisipan ng Dios tungkol dito? Gusto nating tanggapin kung ano ang Kaniyang sinabi. At ito rin ay nasusulat, "Ang bawa't salita ng tao ay maging kasinungalingan, at ang Akin ang maging Katotohanan."

60 Iyan ang kung ano ang nangyayari sa propetang ito. Sa panahon ni Jeremias, siya ay isang propeta, nasa kaniya ang Salita ng Panginoon. At ang taong ito ay pinipilit na magpasok ng isang bagay Rito, ngayon hindi na ito maaari pang mapagtitiwalaan. At aking inihahalintulad ang mga tangkeng ito ngayon sa mga sistemang ito na ating pinagsisikapang tanggapin, at na ipalit sa lugar ng orihinal na Salita ng Dios.

61 Dahil, walang anuman na makapag-aalis sa lugar Nito. Ito ay Dios. "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios. At ang Salita ay nagkatawang tao at tumahan sa gitna natin." Sa Mga Hebreo 13:8, sabi, "Siya ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Paano tayo makalalayo mula Riyan? Ito nga'y siyang Katotohanan. Siya ay nanatiling gayon. Siya ay ganoon pa rin sa bawa't simulain.

62 Iyan ang dahilan na nagagalak kayo Rito, kayong mga Baptist at mga Methodist, at Katoliko at mga Presbyterian, at iba pa, nagagalak sa Presensiya na 'yan. Saan man, sa inyo, tinanggap ninyo ang Dios. Marahil minsan sa isang intelektuwal na kaparaanan, marahil nadama mo ang Kapangyarihan ng Dios, at ikaw ay isang lingkod ng Dios; nguni't kung iyong magagawa talagang makalapit sa Dios, at makilala ang posisyon mo sa Kaniya, bilang isang anak na lalaki o anak na babae ng Dios, 'yan ang nagdadala ng malaking kagalakan sa iyo, na hinahangad ng Dios na mapasaiyo.

63 Ngayon ating mapapansin sa San Marcos, sa ika-16 na kabanata, hindi sinabi ni Jesus, “Humayo kayo sa buong sanlibutan, at—at—at magturo.” Sinabi Niya, “Humayo kayo at ipangaral ang Ebanghelyo.” Ipangaral ang Ebanghelyo, ay, ipinatotohanan ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo! “Humayo kayo sa buong sanlibutan, at patotohanan ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo.”

64 Nakikipag-usap sa isang kapatid na lalaki, isa sa mga tagapagtaguyod sa . . . aking pagtitipon sa India, doon sa Bombay, patungo sa Timog Africa at iba’t ibang mga lugar, kung saan ang mga misyonero ay itinuro Ito bilang isang salita o bilang isang intelektuwal na kaalaman. Nguni’t isang araw sa pagtitipon, nang ang Espiritu Santo ay bumaba, Mismo, at iniligtas ang tatlumpung libong mga blanket natives sa isang pagtawag sa altar, at doon mismo sa lugar ding yaon kung saan sila ay nakatayo. Mga babae na nakatayo roon, na dati ay nakahubad na tulad halos sa pagkasilang nila sa mundo, at sa pinakasandali na kanilang itinaas ang kanilang mga kamay upang tanggapin si Cristo . . .

65 At ang Espiritu Santo ay bumaba sa lugar at pinagaling ang dalawampu’t limang libong mga tao sa isang pagkakataon, mula sa mga silyang de-gulong, mga higaan at mga stretcher. Ang alkalde ng lungsod ay tinawag ako, nang sumunod na araw, ipinakita ang mga van na punong-puno nito na nagdaraan sa mga kalsada.

66 Silang mga babaing nakatayo roon, nakahubad, hindi alam na sila ay nakahubad. Nguni’t sa sandali na ang Espiritu Santo ay tumama sa kanila, kanilang hinalukipkip ang kanilang mga braso at lumakad palayo mula sa harapan ng mga tao.

67 At ako ay nagtataka na kung paano na tayo sa Amerika na tinatawag ang ating mga sariling isang bansang Cristiano, at nasa Presensiya ng Dios; at bawa’t taon tayo, ang ating kababaihan, lalong naghuhubad. At kayo dapat ay nadadagdagan pa lalo ang suot. At sa lalong si Cristo ang inyong isinusuot, mas lalo ninyong namamalayan ang inyong sariling mga kalalagayan. Minsan nakikita ko kung paano kumilos ang mga tao sa kalsada, iniisip ko kung ito’y sadyang nasa ganap na wastong katinuan. Tila ba hindi nila nalalaman na pag ginagawa nila ’yan, kung ano ang kanilang ginagawa, kanilang ginagawa ang kanilang mga sarili na isang pain para sa diyablo, at upang magdala ng mga kaluluwa sa impyerno. Iya’y tama. Nguni’t ang mundo ay nasa isang pagpapasama tulad noon sa kapanahunan ni Jeremias.

68 Ngayon balik sa balon, ngayon, ang balong ito ay hindi maaasahan sapagka’t hindi nito kayang lamnan ang sarili nito. At kailangan nitong dumepende sa pampook na ulan para lamnan ito, ang mga lokal na ulan o mga lokal na

rebaybal, upang magkaroon ng munting rebaybal *dito* at munting rebaybal banda *roon*, o iba pa, upang mapuno ito. Kaya hindi ito maaasahan. Hindi nito kayang lamnan ang sarili. Ito'y kakulangan, sa sarili nito. Hindi niya kayang gawin ito. At kailangan nitong dumipende sa ulan, upang malamnan ito.

69 Pagkatapos ating pansinin kung saan ito—ito kumukuha ng ulan, kung saan nito kinukuha ang tubig, ang balon. Ito'y galing sa taas ng mga kamalig, mga kubo, kung saan lahat ng dumi na tinatangay ng alikabok sa taas doon, ito'y nahuhugasan lahat sa ulan, at pababa patungo sa balon, isang gawang-tao na tangke. Ito'y nagiging halos parang isang pusali. At hinuhugasan nito ang taas ng kamalig kung saan lahat ng mga hayop, ng amoy ng mga kamaligan, at iba pa, at mananatili. At ang hangin ay tatangayin ang—ang alikabok at mga bagay sa kamalig, pagkatapos ang ulan ay darating at huhugasan, ng ulan, mismo paalis.

70 At pagkatapos ang tubig ay pinadadaloy sa pamamagitan ng isang gawang-tao na alulod sa isang gawang-tao na agusan, patungo sa isang gawang-tao na tangke. At pagkatapos kapag ito'y nakarating doon, ito'y madumi, napakadumi na kailangan mong maglagay ng isang basahang pansala rito, o hindi mo maiinom ito. Ngayon, kita n'yo, ito'y humuhugas mula sa bubungan, sa pamamagitan ng isang gawang-tao na alulod, gawang-tao na daluyan, patungo sa isang gawang-tao na tangke. At pagkatapos ito na may isang gawang-tao na salaan sa taas nito, upang matiyak na ang ilan sa mga kulisap at mga bagay-bagay ay hindi mapasama.

71 Ngayon, ngayon ating napansin, sa mga ilang araw na ito pagkatapos na ang tubig ay nananatili roon, sa gawang-tao na denomina na ito, o tangke. Ipagpaumanhin ako. Ipagpaumanhin ako. Buweno. Pagkatapos itong—pagkatapos itong nadaluyan, ng lahat ng uri ng mga teolohiya at mga bagay ay dumaloy rito; ngayon ating nalaman, kapag ito'y nanatili roon ng ilang mga araw, ito'y nagiging mabaho.

72 At kahit sino ay nakaaalam, sa kasaysayan ng iglesya, kapag ang Dios ay nagsusugo ng isang bagay, isang mensahe, at ito'y nagiging sariwa mula sa Dios. Pagkatapos pagkaraan ng—ng buhay ng tagapagtatag na iyan, o maaring anupaman ito; inyong tinatawag siyang repormista, o anumang nais mong itawag tungkol dito. Pagkatapos ng kaniyang kamatayan, pagkatapos sila ay bubuo ng isang sistema at sila ay gagawa ng isang organisasyon. Pagkatapos na pagkatapos nilang gumawa ng isang organisasyon mula riyan, ito'y mamamatay agad roon. Ito'y hindi na kailanman bumabangon pang muli. Ito'y ginawa nito na sa bawa't pagkakataon, umurong, tuloy-tuloy tumalikod.

73 Sa pagbibigay-galang dito sa Katolikong pari na nakaupo rito; nang ang Dios ay inorganisa ang iglesya . . . o, hindi inorganisa ito, ang Dios kailanman ay hindi nag-organisa ng isang iglesya. Siya ay hindi nasa ganiyang uri ng gawain. Siya ay nasa kapanganakan, hindi organisasyon, kaya nang umpisahan ng Dios ang iglesya sa Araw mula sa Pentecostes. At pagkatapos sa kahuli-hulihan doon sa Nicaea, Roma, inorganisa nila ito, at doon ay kung saan nito nawala ang kaniyang Kapangyarihan.

74 Pagkatapos tayo ay napunta sa repormasyong Lutheran, at ito'y naging isang dakilang bagay. Ang Salita ng Dios ay naibigay, "Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya." At nang kanilang gawin ito, sa halip na maging mapalakas, lahat ng samasama, lahat silang magkakasama at sumusulong, sila'y gumawa ng isang simbahang Lutheran, inihihiwalay ang kanilang mga sarili mula sa grupong ito, at pagkatapos ito'y namatay.

75 Pagkatapos ang Dios ay itinayo si John Wesley, kasama ang pagpapabanal, ang mensahe ng pangalawang gawain ng biyaya, at iyon ay isang kahanga-hangang bagay. Nguni't pagkatapos nina Wesley at Asbury, inorganisa nila ito, ito'y namatay.

76 Pagkatapos dumating ang mga Pentecostal kasama ang pagpapanauli ng mga kaloob. Sila'y maayos pa, anong nangyari? Inorganisa ito at ito'y namatay. Sadyang tama.

77 Ngayon sa gitna ng lahat ng ito, ang Dios ay patuloy pa ring tumatawag sa nalalabi mula sa bawa't isa sa mga henerasyong iyon. Siya nga tiyak. At ito ang ating oras ng paglabas, ng pagtitipon na magkakasama. At 'yan ay kung ano ang sa palagay ko, ang Full Gospel Businessmen ay gumanap ng malaking bahagi sa pagsira ng mga pader na ito, at nagsasabing, "Walang pagkakaiba sa atin. Tayo'y magsama-sama at sambahin ang Dios sa ilalim ng isang simulain, hindi sa ilalim ng isang organisasyon." Kung ito nga'y isang organisasyon, ako'y aalis sa entabladong ito ngayon din. Ako'y walang anumang kinalaman dito.

78 Kung ano ito, ito'y dapat maging isang pagsasamasama, at hindi ang pagsasamasama ng ilang mga kredo. Nguni't pagsasamasama kay Cristo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uli, iyan ang bagay na nagdadala ng Buhay. Ito'y nagdadala ng kapanganakan.

79 At bago ang kapanganakan makarating, ating nalalaman na kailangang magkaroon ng kamatayan bago kapanganakan. At ang panganganak ay madumi, hindi sa akin mahalaga kung anong klaseng panganganak ito. Kung ito'y nasa kulungan ng baboy, o—o saan man ito, ito'y madumi. At gayundin ang bagong Kapanganakan, ito'y nagpapagawa sa iyo ng mga bagay na sa karaniwan ay hindi mo aakalaing iyong gagawin. Nguni't kapag ikaw ay handa nang mamatay sa iyong sarili, kung gayon

ikaw ay pinanganak nang muli, isang bagong nilalang kay Cristo Jesus, pagkatapos ang mga bagay, ay magbubukas at ang buhay ay magiging isang bagong pananaw sa 'yo, sapagka't tinanggap mo and Persona ni Jesus Cristo, at hindi isang teoriya o isang kredo.

80 O, maging sa nakasulat na Salita, Ito'y kailangang buhayin ng Espiritu Santo. Kahit gaano pa karaming teolohiya ang meron ka, ito'y nakaratay roon na patay. Maaaring ako'y magkaroon ng sandakot na trigo; hangga't sa ito'y umabot sa proseso kung saan ito'y maaaring buhayin, ang trigo ay hindi kailanman mabubuhay. At maari kang magkaroon ng doctor's degree, Ph., LL., anuman ang naisin mo; nguni't hangga't ang Espiritu Santo ay bumaba riyan at buhayin ito sa 'yo, bilang personal na karanasan sa Dios, kung gayon ang trigo ay walang magagawang mabuti. Ang iyong mga natutunan ay walang kabuluhan.

81 Tulad ng sinabi nitong lalaking taga-Inglatera nang nakaraang gabi rito, ako'y labis na humanga roon. Lahat ng kaalamang natutunan niya, gaya ni Pablo, kailangan niyang kalimutan ang lahat ng kaniyang mga nalalaman, ng sa gayon masumpungan si Cristo, gawin ang mga bagay na inakala niyang hindi niya gagawin.

82 Nguni't ganyan ang paraan ng paggawa ng Dios, Kaniyang ipinapahiya tayo sa ating mga sistemang pang-edukasyon. Hindi sa parang aking sinisikap na katigan ang kawalang-pinag-aralan, nguni't sinisikap kong sabihin sa inyo ang pagkakaiba. Ang edukasyon kailanman ay hindi makapagdadala ng Buhay. Kinakailangan ang Espiritu ng Dios upang magbigay ng Buhay, at ang Buhay na 'yan ay hindi lamang dapat na lumabas mula sa intelektuwal na rebaybal. Ito'y dapat na lumabas mula sa Biblia, rebaybal ng Salita, at ang Salita na 'yan ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At kapag ito'y bumaba ngayon, at bumuhay, iyong makukuha ang parehong resulta na iyong nakuha sa Mga Gawa 2. Eksakto. Ito'y lagi na noon pa, at ito'y magiging gayon lagi, sapagka't ito'y ang Espiritu ng Dios na inilalagay sa kondisyon ang kapaligiran.

83 Kinakailangan ng mainam na kalagayan ng kapaligiran upang gumawa ng mga bagay. Iyan ang dahilan na kayong mga tao ay laging tinuturuan, "Dalhin ninyo ang inyong mga anak dito." Buweno, tunay na iya'y tama. Ako'y nagalak na makita ang aking anak, si Rebekah, pumasok at naupo, ilang minuto pa lang ang nakalilipas. Ilan sa inyo ay nakita akong kinindatan ang isang babae, iyon ay ang aking anak, kaya siya'y dumalo at umupo. Gusto kong matanggap niya ang bautismo ng Espiritu, at kaya nga siya ay narito sa pagtitipon. Iyan ang layunin nito. Kailangan ang mainam na kalagayan ng kapaligiran.

84 Gaya ng sinasabi dati ng matandang Doktor Bosworth, "Maaari mong kunin ang isang itlog ng manok at ilagay sa ilalim ng isang tuta, ito'y makakapagpapisa ng isang manok." Bakit? Sapagka't ito'y isang itlog at may tamang kapaligiran.

85 Hindi mahalaga sa akin kung ikaw ay isang Methodist, Baptist, Presbyterian; sa isang tamang kapaligiran, ito'y makakapagpapisa ng isang bagong-silang na anak ng Dios, angkinin mo ang Salita. Ang kapaligiran ang gumagawa nito, kahit na ano pang maka-denominasyong pananda ang meron ka.

86 Dati akong nagpapastol ng kawan ng mga baka. Napansin ko na ang tanod-gubat kapag aming dinadala ang mga ito sa gubat, palabas ng—palabas ng lupang pastulan doon sa mga rantso, at ilagay sila sa kagubatan. Siya'y tatayo roon at pagmamasdan habang ang mga ito ay dumadaan sa tarangkahan, sa bakod. Hindi niya gaanong pinag-uukulan ng pansin ang mga hero, dahil mayroong lahat ng uri ng hero ang dumadaan doon. Nguni't may isang bagay na kaniya ngang pinansin, ang panandang dugo. Ito'y kailangang purong Hereford o hindi ito maaaring mapatuloy sa kagubatang iyon, dahil sa ang Hereford Association ang nagpapastol sa kagubatang iyon. Ito'y kailangang may panandang dugo, upang mapanatiling tama ang pagpapalahi.

87 At aking naisip na ganiyan ang mangyayari sa Araw ng Paghatol. Hindi Niya ako tatanungin kung isa ba akong Methodist, Baptist, Pentecostal, o Presbyterian, kundi Siya ay titingin sa panandang Dugo. "Pagka Aking nakita ang Dugo Aking lalampasan kayo." Iyon ang mahalaga.

88 Kaya ating nakita na itong mga balon, pagkatapos na sila'y manatili sandali, sila'y nagiging. . . sila ay nagiging mabaho at sila'y walang mabuting maidudulot. At ito'y nagiging pagkatapos, din, nagiging tahanan ng mga palaka at mga bubuli at mga ahas at mga kulisap at mga mikrobyo, at ano pa, sapagka't ito'y isang maruming kalalagayan na naimbak rito. Maiisip mo ba, dumaloy sa bubong ng kamalig, o mula sa isang bahay na malapit sa kamalig, o kahit na saan na naroon ang dumi, anong klaseng mga insekto at mga mikrobyo, at lahat na ng bagay, na dumadaloy sa balong ito?

89 Ngayon, ito'y isang ganap na halimbawa ng alinmang uri ng gawang-tao na sistema. Siya ay isang kabiguan, sa pasimula pa man. Iyan ang dahilan kung bakit kailangan niya ng isang Tagapagligtas. Hindi niya maililigtas ang kaniyang sarili, wala siyang magagawa para dito. Siya'y naliligaw, sa pasimula pa. Siya ay ipinanganak sa mundo, makasalanan, siya'y dumarating sa mundo na nagsasalita ng mga kasinungalingan. Siya ay sinungaling, sa simula pa, kaya paano mangyayari na siya'y makagagawa ng anumang bagay para sa kaniyang sarili? Paano ang isang banal na tao?

90 Walang banal na tao. Walang banal na iglesya. Ito ay ang Banal na Espiritu! Hindi isang banal na iglesya, isang banal na bayan; ito'y ang Banal na Espiritu sa gitna ng isang bayan, 'yan ay kung ano ito. Amen. Hindi isang banal na bundok kung saan si Pedro at sila ay tumayo; ang bundok ay hindi banal. Nguni't ito ang Banal na Dios, na nasa bundok, na nagpabanal nito. Hindi isang taong banal; ito ay ang Espiritu Santo na ginamit sa taong yaon, kung ano ang nagpapabanal dito. Hindi ang tao; kundi ang Persona ng Banal na Espiritu! Ito'y hindi ang tao; sapagka't, siya lamang ay isang tao, "ipinanganak sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan, dumating sa mundo na nagsasalita ng mga kasinungalingan."

91 Anumang gawang-tao na sistema ay ilalayo siya diyan; kaniyang itatago ang bagay mula sa intelektuwal, sa mga intelektuwal na mata, na kanilang iniisip, "Ako'y nabibilang sa iglesya, ang pangalan ko ay nasa aklat. Ginawa ko *ito*. Ang ama ko ay *ganito*, at iba pa." Iyan ay tila ba ayos lang; na, ito nga, walang masasabi laban dito. Nguni't datapuwa't, kaibigan, sinabi ni Jesus, "Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, hindi niya man lang makikita," ang *makikita*, doon, ay hindi ibig sabihin na siya'y nakakakita sa pamamagitan ng kaniyang mga mata, kundi, "*maunawaan* ang Kaharian ng Langit." Hanggang sa ikaw ay ipanganak dito.

92 Paanong itong ebanghelistang Baptist, paanong ang taong 'yan na tumayo roon at pinulaan at ginawang katatawanan Ito? Kita n'yo, wala man lamang anuman sa kaniya na makatatanggap Nito; nguni't ang Dios ay kinailangang gawin ito, kita n'yo. Ang Dios ay ibinigay sa kaniya ang Espiritu Santo. Kaniyang inihayag na ito'y hindi isang pagpapaimbabaw, ito ay ang Salita. Kaniya lamang naririnig ito mula sa isang kaisipang pampaaralan, at kanilang pinipilit na kunin lahat ng—ng mga pagpapala ng Dios at ilagay ito sa panahong nagdaan na.

93 Isang batang mangangaral na Baptist, dito hindi pa katagalan, naritong nakaupo sa umagang ito; at siya ay lumapit sa akin, at sinabi niya, "Kapatid na Branham, may isang bagay ka na ginagawa mo na mali."

Sabi ko, "Tulungan mo ako."

94 At sabi niya, "Ikaw ay, sa aking palagay ika'y tapat at isang mabuting tao, nguni't . . . "

Sabi ko, "Salamat, ginoo."

Sabi niya, "Nguni't may isang bagay na ginagawa kang mali."

Sabi ko, "Ako'y umaasa na ang Panginoon ay isa lamang ang makitang mali."

95 At sabi niya, "Buweno, mayroon . . . Ito ay kung anong ginagawa mo na mali." Sabi, "Iyong sinisikap ipakilala sa mundo

ang isang ministeryo ng mga apostol, at," sabi, "ang ministeryo ng mga apostol ay nagwakas na kasama ng mga apostol."

96 Sabi ko, "Bilang isang Baptist sa isa ring Baptist, gusto kong itanong sa iyo ang isang katanungan."

Sabi, "Ano?"

97 Sabi ko, "Naniniwala ka ba na ang Salita ng Dios ay kinasihan, bawa't katiting nito?"

Sabi niya, "Aba, tiyak."

98 Sabi ko, "Kung gayon, sinabi Niya, 'Huwag kang magdagdag ng isang salita, o mag-alis ng Isa man.' Sapagka't," sabi ko pagkatapos, "Aking ipakikita sa iyo kung saan ang pang-apostol na Pagpapala ay dumating sa mga tao, sa pamamagitan ng isang pangako ng Dios, ngayon ipakita mo sa akin ang pangako ng Dios at kailan ito umalis sa tao. Kita mo, kung hindi mo maipakita 'yan sa Salita, kung gayon—kung gayon kalimutan mo ang tungkol dito, kita mo," sabi ko, "dahil ito'y nagpapatuloy pa rin."

99 Wala siyang sinabing anuman sa ilang sandali. At kaya sabi ko, "Buweno, kung gayon, kapatid, nais kong tanungin sa iyo ito. Si Pedro ay ipinakilala ang mensahe ng mga apostol, sa Araw ng Pentecostes. At alam nating lahat na 'yan ay totoo, sapagka't nasa kaniya ang mga susi sa Kaharian, na ibinigay ni Jesus sa kaniya. At ngayon masdan kung ano ang kaniyang sinabi. Sabi niya, 'Mangagsisi kayo, bawa't isa sa inyo, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at inyong tatanggapin ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagka't ang pangako ay sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa Kaniya.' Pagkatapos kung mayroon mang isang bahagi kung saan inalis Niya ito, kung ganoon ano na ang mangyayari sa mga sinalita ni Pedro sa Araw ng Pentecostes?" Kita n'yo? Hindi, ito'y hindi kailanman nawala!

Minamahal na nag-aagaw-buhay na Tupa, ang Iyong mahal na Dugo
Hindi kailanman mawawala ang Kapangyarihan,
Hanggang ang lahat ng tinubos na Iglesya ng Dios
Maligtas, upang di na muling magkasala pa.

Kung gayon sa mas dakila, mas matamis na awitin,
Aking aawitin ang Kapangyarihan Mong magligtas,
Pag ang aba, utal na dilang ito
Pumayapa na sa libingan.

100 Dios tulungan Mo ako na sampalatayanan Iyan at tumangan Dito, at lahat tayo, at manindigan Dito, dahil ito ang Katotohanan ng Ebanghelyo! Opo, ginoo.

101 Ang isang taong matalino ay hindi kailanman dapat tumingin sa mga bagay na ito. At alamin na hindi uubra ang mga ito. Hindi sila kailanman umubra. Ang isang inorganisang relihiyon at isang inorganisang karanasan ay hindi kailanman uubra sa Presensiya ng Dios. Ito'y dapat na manggaling, puro, mula sa Dios. Ito kailanman ay hindi ginamit ng Dios, walang panahon sa nakaraan na ang Dios kailanman ay gumamit ng ganyang sistema. Ngayon kayo, oh, kukuha kayo ng mga miyembro at mga bagay na tulad niyan. Pero ang tinutukoy ko'y ang tunay na binhi ng Dios, ang Pagpapala tulad ng bumaba sa Araw ng Pentecostes, ito'y hindi kailanman dumarating sa pamamagitan ng organisasyon; ito'y dumarating sa pamamagitan ng isang kapanganakan, pagiging naipanganak na muli.

102 Tayo ay inanyayahan na tingnan ang Israel para—para isang halimbawa, na sila nga'y naging ganoon. Pansinin, "Kanilang iniwanan Siya, ang ipinagkaloob sa kanila na bukal, at nagsigawa sa ganang kanilang sarili ng mga balon." Aakalain n'yo ba ang isang—isang—isang—isang bagay, kapag ang isang tao ay nasa isang balong-bukal, umiinom, at pagkatapos gustong gumawa sa sarili niya ng isang balon, kita n'yo, upang uminom mula rito? Ngayon ganiyan ang sinabi ng propeta, ganiyan ang sinabi ng Salita ng Dios. Iyan ang sinabi ng Dios sa propeta. "Inyo Akong tinalikuran at—at iniwanan Ako, ang bukal ng buhay na tubig; at nagsigawa sa inyong sarili ng mga balon, na mga sira, at tumatagas."

103 Tingnan ang isang bagay. Gusto nila ng isang bagay na kaya nilang kuntrolin, o maipakita kung ano ang kanilang nagawa. Iyan ang—'yan ang kahangalan ng inorganisang relihiyon. Ito'y lagi nang nagpipilit, kailangan nilang magkaroon ng isang bagay rito sa kanilang sarili. Kailangan nilang magkaroon ng lahat ng mga sistemang ito at mga samahan, at mga bagay, "At ako'y kasapi na sa *ganito* ngayon." Sa halip na maging mga mapagpakumbabang anak ng Dios, gusto nila ng isang bagay na maaari nilang ipakita sa kanilang sarili. Sa halip na hayaan ang Dios na gawin ito sa Kaniyang paraan, nais nilang gawin ito sa kanilang kaparaanan. At sa ganiyang kaparaanan na ang mga sistema ay nakuha ang iglesya ngayon. Hindi . . . Bawa't sistema, ang isa ay gusto sa *ganitong* paraan, ang isa ay gusto sa *ganoong* paraan. Kung ikaw ay isang Methodist, kailangan mong ito ay sa *ganitong* paraan. Ang isang Baptist, sa *ganitong* paraan. Ang Presbyterian, Katoliko, ano pa man, sila'y mayroong kanilang mga sistema. Walang anuman laban diyan, pero hindi tungkol diyan ang sinasabi ko.

104 Gusto ng tao ang kaniyang sariling paraan sa paggawa nito, at ang Dios ay may sariling paraan sa paggawa nito. At sabi Niya, “Ikaw ay nanghahawakan sa iyong sariling kaparaanan, isang sirang balon; at ayaw tanggapin ang Aking paraan, ang daan ng Buhay.”

105 At ’yan ay ganoon ding bagay sa ngayon. Ito’y sadyang hindi nabago kahit kaunti. Isipin kung gaano kamangmang ang isang tao na iniwanan ang balong-bukal ng purong malinis na tubig na nag-uumapaw, at pagkatapos gusto niyang pumunta sa isang sirang balon na ginawa niya mismo, at naghukay para sa kaniya ng isang balon, na kasama ang basurang iyon na nasa taas ng kamalig ay dumadaloy dito, pagkatapos iinom mula riyan. Tiyak na may bagay na mali sa katinuan ng taong ’yan.

106 At kapag ang isang tao kakapit sa isa—isang pang-simbahang pananaw sa Kasulatan, sa halip na tanggapin ang Espiritu Santo na siyang nagpapatibay sa Kasulatan at ginagawa Itong tunay sa iyo, may bagay na mali sa espirituwal ng taong ’yan. Iyan ay eksaktong tama. Sigurado, ang Espiritu Santo! Bawa’t isa ay may interpretasyon ng kanilang Biblia, kung ano ang iniisip mong tama. Ang Dios ay hindi nangangailangan ng tulong mo. Ang Dios ay hindi nangangailangan ng iyong pagpapaliwanag.

107 Ang Dios ay ang Kaniyang Sariling tagapagpaliwanag. Ang Dios ang gumagawa ng pagpapaliwanag sa paraan na Kaniyang—sa paraan na Kaniyang sinasabing gagawin Niya ito. Ang Panginoon ay nagsabi sa pasimula, “magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon ng liwanag. Iyon ay hindi na kailangan ng anumang pagpapaliwanag. Iyan ay kung ano ang ginawa ng Dios. Sabi Niya “isang dalaga ay maglilihi,” siya nga. Iyan ay hindi na kailangan ng pagpapaliwanag. Sabi Niya na Kaniyang “ibubuhos ang Kaniyang Espiritu sa lahat ng laman,” ginawa nga Niya. Ito’y hindi na nangangailangan ng anumang pagpapaliwanag. Ang Dios ang nagpapaliwanag ng Kaniyang Sariling Salita sa pamamagitan ng pagpapatibay Rito, at inihahayag Ito, at pinapatunayan Ito.

108 Ganiyan kung paanong ang isang propeta ay napatutunayan na sa Dios. Kaniyang sinabi, “Kung mayroon sa gitna ninyo, na espirituwal o isang propeta, Akong Panginoon ay ipakikilala ang Aking sarili sa kaniya sa mga pangitain, mangungusap sa kaniya sa mga panaginip. At kung ano ang kaniyang sinasalita ay nagaganap, kung gayon matakot kayo sa kaniya; nguni’t kung hindi, huwag matakot dito.”

109 Iyan ay ganoon din pag ang Dios ay ipinangungusap ang Kaniyang Salita, at ang tao ay magsasabi, “Ang Salita ay *Ito*,” at ito’y nangyari sa gayong paraan, kung gayon ito’y ang Dios na gumagawa nito.

110 Nguni't kung kaniyang sinasabi, "Ito'y sa *ganitong* paraan, at ang mga araw ay lumipas na," aba inaalis nito ang lahat ng . . . Siya ay mag-aabot sa isang gutom ng tinapay, sa kaniyang kamay, sa mga bata, at aalisin ito mula sa kanila; at sila'y nangagugutom. Bakit nanaisin mo ang uminom mula sa isang balon kung ang balong-bukal na ito naman ay naroroon?

111 Ano ngayon ang bukal ng Buhay? Ano ang bukal ng Buhay, bukal ng buhay na mga Tubig ba? Sa isang balong-bukal, ating ihahalintulad Ito.

112 Ngayon nais kong inyong pansinin ang kaibahan sa pagitan ng isang balon at isang bukal ng buhay na tubig; balong-bukal, at isang lumang sirang balon doon na puno ng mga insekto, mga bubuli, mga palaka, mga mikrobyo, at iba pa, kita n'yo.

113 At narito ang isang balong-bukal. Ngayon masdan ito. Ito'y may sariling panustos. Hindi mo na kailangang kumuha ng anumang malalaking sistema at magpasok ng maraming pera dito. Hindi mo na kailangan magpasali ng maraming mga miyembro. Ito'y sinusuportahan ang mga miyembro nito, ng Espiritu ng Buhay na nasa kanila, gumagawa.

114 Pansinin ang tubig na nagmumula dito, sariwa, dalisay at malinis. Hindi isang balon, isang bagay na mabaho na noon pa'y isinulat ng apatnapu, limampung iba't ibang kaisipan, nagsasabi, "*Ito* ay tama, at *'yan* ay tama, at ang pagkaunawang *ito*," at magboboto at magtatalaga, at tulad ng kanilang ginagawa, at pagkatapos gagawa ng isang denominasyon mula rito. Ito'y dalisay at malinis, purong Salita ng Dios, nagmumula sa kamay ng Dios. Ito'y isang tunay na balong-bukal.

115 Pansinin, ang lihim ng kapangyarihan nito ay nasa loob niya mismo. Hindi ito makita ng mga tao. Para bang isang puwersa, sa ilalim nito, na ginagawa itong tumulak pataas.

116 Naaalala ko nang ako, dati, ay tanod sa pangangaso ng estado ng Indiana. Ako dati ay napapadaan, sa Harrison County, sa isang bukal, isang sibol. Ito'y laging bumubulubok. At sadyang, oh, tila ba ito ang pinakamasayang bagay. Kahit na ang niyebe ay nasa lupa, yelo, at nagyelo, gaano ito kalamig, ito'y bumubulubok pa rin; kung saan ang mga lumang gawang-tao na lawa at mga tangke, na may mga palaka at lahat na, ay naroon nagyelo, tumigas.

117 At ipinakikita lamang niyan na anumang denominasyon, sa kaunting kakulangan ng Espiritu o isang munting pagbabago ng atmospera, ay magyeyelo. Nguni't ang balong-bukal ng Dios, Siya'y ang—Siya'y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Pinananatili Nito ang lahat ng mga bagay na bumubula palabas rito at tinutulak palabas mula rito. At walang anuman na naroon, sa pasimula pa lang. Sa sandaling ito'y nakapasok dito, ito'y itutulak nito palabas sa kaniyang daraanan.

118 Ang bagay na 'yan na bumubulubok pataas na tulad niyan, at sabi ko, umupo roon isang araw, naisip ko, "Sa palagay ko'y makikipag-usap ako sa bukal na 'yun, pansumandali lamang." Aking inalis ang aking sumbrero, at sabi ko, "Ano ang dahilan na napakasaya mo? Sa anong dahilan na ika'y umaapaw? Siguro ito'y dahil ang mga usa ay umiinom mula sa iyo, paminsan-minsan."

Kung nakapagsalita lamang siya, sinabi sana niya, "Hindi."

Sabi ko, "Siguro ito'y dahil sa ako ay umiinom mula sa iyo."

"Hindi, hindi 'yan."

119 Sabi ko, "Buweno, ano ang nagpapadalisay nang husto sa iyo, napakalinis? Kaya ano—ano itong dahilan ng pagbulubok, na nagpapabulubok sa iyo, puno ng kagalakan sa lahat ng oras, at walang makapagpayelo sa iyo? Ika'y bumubulwak pataas sa ere, at walang ano man; malinis na tubig."

120 Kung ito'y nakapagsalita lamang sa akin, alam n'yo kung ano marahil ang sinabi ng bukal na 'yan? Kaniyang sinabi sana, "Kapatid na Branham, hindi ako itong bumubulubok. Ito'y isang bagay sa loob ko, pinabubulubok ako." At ganiyan ito. Iyan ay isang kapos na salita, nguni't alam n'yo kung ano ang ibig kong sabihin.

121 At sa gayon din iyon sa isang karanasan ng muling kapanganakan. Hindi mo mapipigilan ito. Ito'y isang—isang bukal ng tubig sa loob mo, umaapaw pataas patungo sa walang hanggang Buhay. Kita n'yo, may kung anong bagay tungkol dito, na wala kang kinalamang anuman dito. Ang mga gawang-tao na tangke ay maaaring magyelo, at sila ay nagsusumamo para sa rebaybal at lahat na ng bagay; nguni't ang tao na nasa ilalim ng Bukal na 'yan, nabubuhay sa Bukal na 'yan, ito'y araw at gabi! Hindi, hindi mo kailangan na maghintay sa mga pampook ulan at mga lokal na rebaybal. Ikaw ay puno Nito. "Aking ibibigay sa kaniya ang isang bukal ng Buhay, sa loob niya, nag-uumapaw." May kung anong bagay Rito, na sariwa bawa't araw, dalisay at malinis. Ito'y ang purong Salita ng Dios sa iyong puso at bibig, pinagtitibay ang sarili Nito, nangungusap para sa sarili Nito. Walang anuman sa akin kung umuulan man, kahit umuulan ng niyebe, ano mang klaseng panahon ito, ikaw ay masaya pa rin dahil ang Espiritu Santo ay naroroon na nag-uumapaw. Ito'y ang nakatagong Kapangyarihan. Pansinin. Oh, ang lihim nito'y nasa loob nito.

122 Ibinibigay nito ang sarili nito, nang libre, sa kaninumang iinom at gagamit ng sustansiya nito. Ngayon hindi ka nagtatangi, sasabihin, "Buweno, ngayon ako'y sadyang kailangang pumunta sa simbahan ng Methodist dahil ako ay isang Methodist, para sa isang rebaybal. Kailangan kong pumunta banda *rito*, pero (kung) kailangan kong pumunta bilang Pentecostal dahil ako ay isang Pentecostal

na rebaybalista." Sinasabi ko sa iyo, pag napasaiyo ang bukal ng Tubig na 'yan na sumisibol pataas, ang Bukal na 'yan, nang ikaw ay umiinom doon, walang pagkakaiba, ikaw ay nagbibigay sa kahit anong bagay na dumaraan. Ikaw ay handang magbigay ng pag-asa ng Buhay sa isang Katoliko, sa isang Protestante, sa isang Hudyo, sa isang di-kumikilala sa Dios, o anuman ito. Ika'y totoo, tunay na may Isang bagay na nasa iyo, na gumagawa nito.

123 Inyong mapansin ang isa pang bagay tungkol dito, hindi n'yo na kailangang bombahin ito. Hindi n'yo kailangang hilain ito, at bombahin ito pataas. Ako'y marami nang nakitang ganyan hanggang sa pinasasama nito ang aking pakiramdam, binubomba ang isang bagay; tumutugtog ng ilang tugtugin, at lumulundag pataas-at-baba, o—o isang malaking koleksiyon ng literatura sa labas ng bayan, at malalaking mga karatula, "Ang tao sa oras na ito."

124 May isa lamang Tao sa oras na ito, at 'yan ay si Jesus Cristo, Na siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Mayroon lamang isang Mensahero na mula sa Dios, at 'yan—'yan ay si Jesus Cristo. Opo, ginoo.

125 Hindi n'yo na kailangan na bombahin Ito pataas, o hilain Ito pababa. O, hindi, hindi n'yo na kailangan na ikabit Ito. Inyo lamang tanggapin Ito, nang malaya. Amen. "Ako ang Bukal ng buhay na Tubig; iniwan ninyo Ako, upang pumunta at gumawa sa inyong sarili ng mga tangke." Ngayon hindi n'yo na kailangan na bombahin Ito, bombahin Ito, hilain Ito, at ikabit Ito, hukayin Ito, wala nang iba pa. Kailangan n'yo lang tanggapin Ito, ng libre.

126 Hindi n'yo kailangan ng ano mang gawang-tao na teolohiya para sa isang basahang pansala, rin, upang sabihin sa inyo kung ano ang dumadaan Dito, ano ang nagawa Nito. Wala. Isang gawang-tao na teolohiya ng isang sistemang pang-edukasyon, mapagmapuring relihiyon *dito*, *sa ganito*, o isang balon ng sistemang relihiyon; hindi n'yo kailangan ito. Ito'y hindi kailangan na naroon. Kayo ay maglagay ng isang basahan Diyan, itatapon Nito diretso pataas sa ere. Ito'y walang anumang kinalaman dito. Ito'y may sariling panustos! Ito'y ang Kapangyarihan ng Dios na sumisibol patungo sa Buhay. Bakit ang isang tao ay iiwan ang isang bagay na tulad Niyan, upang sumali sa isang sistema, ay higit pa sa kung ano ang aking masasabi. Hindi Nito kailangan ng anumang basahang pansala. Hindi Nito kailangan ito. Hindi Nito kailangan na maging ganoon, hindi kailangan na umasa sa pampook na ulan para ito malamnan. Ito'y puno sa lahat ng oras. Amen.

127 Isang tao, aking narinig na sinasabi nila, "Ako'y sadyang malungkot lang ngayon." Oh, naku!

128 Oh, ako'y nagagalak na mabuhay sa Presensiya ng Dios, kahit ang mga bagay ay nagpapatuloy sa mabuti o hindi mabuti.

Siya ang aking Buhay. Amen. Siya ang ating Buhay. Siya ang Buhay, ang masaganang Buhay. Opo, ginoo. At—at masdan kung ano ang ginagawa Nito para sa atin. Ang kapangyarihan Nito at kadalisayan ay nasa loob ng sarili Nito mismo. Hindi Nito kailangan ng pagbobomba mula sa balon o ng ano mang ibang sistema.

129 May taong magsasabi, "Buweno, ano ang iyong fellowship card? Tingnan natin kung ika'y mabuting Baptist. Titingnan ko kung meron kang kard. O—o, isang mabuting Pentecostal, kung ika'y isang Oneness, Twoness, Threeness, o—o anupaman." Kita n'yo, hindi Nito kailangan ng anumang pagbobomba. Ito'y laging nagpapatuloy. Oo.

130 Alam n'yo, ako'y dating mayroon nitong lumang balon, kailangan ko na magbuhos ng tubig pababa doon at bombahin at bombahin at bombahin, sa pamamagitan nitong lumang bombang pangsipsip, upang mailabas ito doon; alam n'yo, buhusan pa ng dagdag na tubig ito, at sadyang naibuhos ang isang kulumpol ng mga insekto at mga bagay sa loob, upang mabomba palabas ang mga insekto at bagay-bagay. Iyan ay katulad lamang ng kaparaanan ng ilan sa mga sistematikong rebaybal na ito.

131 Nguni't, salamat sa Dios, "Mayroong isang Bukal na puno ng Dugo, kung saan ang mga makasalanan mailulublob sa kailaliman ng baha!" Hindi ka bumubuo ng mga miyembro ng iglesya; bumubuo ka ng mga Cristiano mula sa kanila pag sila ay lumapit sa Bukal na 'yan.

132 Bakit mo iiwanan ang Bukal ng buhay na tubig, upang uminom sa isang lublubang tulad niyan?

133 Walang pagbubomba; ang kapangyarihan Nito'y nasa loob ng sarili nito mismo. Hindi Nito kailangan ng pagbobomba, opo, ginoo, 'pagka't (sa sarili Nito) ang Sarili Nitong Buhay ay nasa sarili Nito mismo. Ganyan ang binhi ng Dios sa puso ng isang tao. Ang Buhay ng Dios ay nasa kaloob-looban ng isang tao, hindi sa simbahan. Nasa iyo, ito'y nasa loob ninyo, ikaw ang siyang may binhi ng Buhay na nasa iyo.

134 Isang tikim lamang Nito ay nakakukumbinsi sa lahat ng uri ng ministro. Tanungin ang isang paring Katoliko, tanungin ang Baptist, anuman ito. Isang tikim lamang nitong napakasariwang tubig-bukal, sinasabi ko sa iyo, ito'y nakakukumbinsi na Ito'y ang Katotohanan. Ang gutom mong kaluluwa, kahit paano, ito'y nakakukumbinsi sa nauuhaw, kahit paano. Ngayon kung ikaw ay hindi nauuhaw. . .Itong munting Baptist, hindi siya nauuhaw, sa pasimula pa; nguni't nang siya ay mauhaw, ang tubig ay naging napakasarap sa panlasa. Iya'y tama, nguni't kailangan mong mauhaw, "ang mapagpalang uhaw," katulad ng itinawag ni Jesus diyan. "Mapalad ka kung ikaw ay nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, sapagka't ikaw ay

pupunuin." At sinabi ni Jesus 'yan, kaibigan. Opo, ginoo, Ito'y isang pinagpalang Bukal sa nauuhaw.

135 Bakit gugustuhin ninuman na ipagpalit Ito para sa isang latian? Paano mo gugustuhin na ipagpalit ang isang balong-bukal para sa isang tubig ng latian, puno ng mga insekto at kontaminado ng lahat ng mga uri ng mga teoriya na gawa ng tao, na sinabi ng Dios na, "Ang magdagdag ng isa sa Kaniyang Salita, o mag-alis ng isa sa Kaniyang mga Salita, ang kaniyang bahagi ay aalisin sa Aklat ng Buhay"?

136 At pag ipinangako 'yan ng Dios Kaniyang pagtitibayin ang Salitang ito sa bawa't henerasyon, "Sapagka't ang pangako ay sa inyo at sa inyong mga anak, at sa kanila na nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios," bakit ka magbobomba sa isang sistematikong bomba na nakontamina ng ilang taon na, mula sa lumang mana? Maaaring ang mana ay ayos lang, walang anumang laban dito, sa panahon ni Martin Luther, sa mga panahon ng *ganito* at sa mga panahon ng *ganoon*, at ng iba pang mga repormista, walang anuman tungkol dito; nguni't 'yan ay mana na inihulog matagal nang panahon.

137 Kung ating pansinin sa Biblia, na kailangan nila itong pulutin araw-araw. Kailangan nilang kumuha ng bago. Pagkatapos na ito'y medyo naluma, ito'y nabulok. Hindi ito maaaring mabulok na hindi nasisira. Ito dapat ay may bacteria na sa loob nito, o isang bagay para—para mabulok ito. Alam natin na gayon nga.

138 At gayon din naman ang mga sistema! Pagkatapos na ito'y mahimlay roon mula sa isang malaking rebaybal patungo sa isa pa, at ito'y nakokontamina at napupuno ng mga insekto, at tulad ng isang balon na puno ng mga kiti-kiti, katulad ng tawag namin noon dito, mga munting insekto na kumakawag-kawag doon.

139 At 'yan ay kung ano ang nangyayari sa karanasan ng napakamaraming mga tao ngayon. Sila'y—sila'y sadyang puno ng mga kiti-kiti, kakawag-kawag mula sa isa patungo sa isa, at isa patungo sa iba, nagsasabi ng mga kwento na walang Katotohanan man lang dito. Iya'y tama, kakawag-kawag mula sa isa patungo sa iba pa. "Ako'y dating isang Methodist; umanib ako sa Baptist. Ako'y dating isang Katoliko; ako'y naging *ganito*. Ako'y naging *ganoon*." Ito'y kakawag-kawag na buntot lamang. Oh, kalimutan ang lahat ng bagay na iyan!

140 At lumapit sa Bukal, amen, ang balong-Bukal, ang laging-buhay na Presensiya ni Cristo! Aking sinasampalatayanang Siya ang hindi natutuyuang Bukal ng Buhay. Habang lalo kang kumukuha mula sa Kaniya, lalo itong nagiging sariwa, at lalo itong lumalamig, at lalo itong umiinam, at lalong tumatamis ang lasa nito. Akin nang pinaglilingkuran Siya ngayon sa loob ng tatlumpu't tatlong taon, at bawa't araw lalo pa ring tumatamis kaysa sa mga araw na nakaraan. Hindi ako kailanman...

Kaniyang sinabi hindi ka na kailanman mauuhaw kung tayo ay uminom sa Tubig na ito. Pansinin kung gaano kadakila Ito. Oh!

141 Ang Israel ay ginawa ang gaya ng ginagawa ng marami ngayon, kanilang iniwan ang bukal ng buhay na mga tubig, upang maghukay sa kanilang sarili ng mga balon.

142 Ngayon sa pangungusap tungkol sa biyaya ng panandalian lang, kung ano ang biyaya ng Dios. Mayroon tayong mga batas at mga tuntunin, "At kung hindi ka makaabot sa sukat ng pamantayang ito . . . Ako'y may sukatang pangrelihiyon; kung hindi ka umabot sa sukat niyan, kailangan mo, hindi ka makakapasok," at iba pa. Nguni't ang Dios ay inililigtas tayo sa pamamagitan ng biyaya, hindi sa pamamagitan ng isang pangsukat. Kita n'yo? Kundi ang Dios, nangungusap tungkol sa biyaya ngayon, sadyang kung paano itong nangyari, umiinom mula sa Kaniya. Mula sa pangsukat na ito . . .

143 Pagbubulong-bulong, mapagreklamong Israel. Masdan, sabi Niya, "At dadalawin Ko kayong muli." Pansinin sa Kasulatan. Pansinin, Kaniyang susubukan sila, upang dalawin silang muli. Mapagreklamong Israel, sa Dagat na Mapula, ay inanyayahan na sumunod sa Kaniya sa maruming tubig ng Egipto, upang maging malayang bayan. Sila noo'y mga alipin. Sila ay inanyayahan na tumungo upang maging malayang bayan, kasama Niya. Lumabas na patawid ng patay na dagat, ang patay na dagat; ang Dagat na Mapula, pala, lumabas na patawid niyan, upang pumaroon sa isang ilang, upang magkaroon ng paghihiwalay sa pagitan nila at ng mga manggagayang sinisikap na gayahin ito, na walang pagtutuli.

144 Oh, 'yan ang naging dahilan ng kaguluhan. Bawa't isa sa kanila ay napahamak mismo sa il . . . o mismo—mismo sa dagat, si Faraon at ang kaniyang mga sundalo. Sila'y nakakita ng mga taong lumalakad sa supernatural na Kapangyarihan, at sila'y bumalik at sinisikap na gayahin 'yan, na hindi naging kasama sa pagpapala. At nang ginawa nila, sila'y nangamatay. Ito'y karnal na pagtutulad.

145 Ang isang tao na sinusubukang gawin 'yan, subukang gayahin ang isang bagay, kung gayon siya'y gumagawa ng isang karnal na pagtutulad ng isang tunay na Cristiano.

146 Ang aking kapatid na Indian doon ay alam 'yan. Magtungo ng bandang Bombay at inyong makikita ang mga tao roon, ang mga Hindu at iba pa, humihiga sa mga matutulis na pako at sa ibabaw . . . lumalakad sa bubog at—at lumalakad sa apoy, upang ipakita kung ano ang kaya nilang gawin, at mga bagay tulad . . . Iyan ay karnal na mga panggagaya ng ilang mga tao roon sa kagubatan doon, ay ginagawa 'yan upang magsakripisyo sa kaniyang dios.

147 Ating nakikita 'yan sa kalagitnaan ng lahat ng relihiyosong pamumuhay, mga karnal na panggagaya, isang tao na nagpipilit

na gayahin ang iba. Mayroon lamang isang halimbawang iyong dapat tularan, 'yan ay si Jesus Cristo, na Siyang Salita. At pagkatapos kapag ang Salita ng Dios ay dumating sa iyo, ito'y magiging gayun din.

148 Nguni't ang Dios ay pinangunahan sila mismo patungo sa lupang pangako, ganoon pa man. Kanilang nasumpungan, din, bawa't balon, nang sila'y magpasimula roon sa ilang sa kanilang paglalakbay ngayon, pagkatapos nilang humiwalay, nalaman nila na bawa't balon ay tuyo, sa kanila.

149 At iyong masusumpungan ang ganoon ding bagay, kapatid, kapag iyong sinimulan ang paglalakbay na ito patungo sa Lupang pangako. Iyong makikita na ang mga pinto ay sarado. Katulad ng sinabi 'nung munting mangangaral, isang Anglican, o anuman siya, at, ang unang bagay alam n'yo, ang kaniyang iglesya ay pinaalis siya. Kita n'yo, habang napatatanggap niya ang marami ng Espiritu Santo, 'yun ang katapusan nito.

150 At—at ang Israel ay nasumpungan rin ang ganoon ding bagay, bilang mga halimbawa, sa kanilang paglalakbay patungo sa lupang pangako. Ang mga balon ay tuyong lahat. Oo, ang kanilang paglalakbay sa pagsunod sa Kaniyang ipinangakong Salita, ang kanilang paglalakbay, sa mga balon, na nasumpungan nilang tuyo. Ngayon kanilang nasumpungan ang balon—mga balon ay hindi maaaring pagdependehan, para sa paglalakbay.

151 At kung ika'y maglalakbay sa pagsunod sa Salita ng Dios, at magsikap na mabilang sa *ganito* at mabilang sa *ganoon*, inyong masusumpungan na walang balon sa mundo na makalalaman Nito. Wala talaga. Ikaw ay isang indibiduwal. Ang Dios ay pinangungunahan ka sa paraan lamang na nais Niyang pangunahan ka. Pagkatapos, ating nasumpungan ang gayon ding bagay ngayon, at lahat ng mga balon ay natuyo na.

152 Nguni't ang pangako, ay laging totoo, sa Dios Na tutupad ng Kaniyang pangako sa Kaniyang bayan. Kaniyang ipinangako na ipagkakaloob ang lahat ng kanilang kakailanganin, kaya ginawa Niya iyon. Sa kalagitnaan ng walang laman, mga tuyong balon, isipin na lamang ito; at nagrereklamong mga Israel, sa disyerto, sa kanilang paglalakbay! Kaniyang tinawag ang Kaniyang lingkod na tagapanguna, ang propeta Moises, doon sa isang dako, at binuksan ang isang bukal ng buhay na tubig, sa pamamagitan ng isang hinampas na Bato, upang ang Kaniyang mga sumasampalatayang anak ay hindi mamatay.

153 Sa araw na ito, 'yan ay nangungusap na biyaya, sa akin. Tayo ay hindi karapat-dapat. Sa paraan na ating nagawa, sa paraan na ating ipinamuhay, tayo ay hindi karapat-dapat.

154 Nguni't ang Dios, sa araw na ito, tulad dito ngayong umaga, masdan, sa Methodist, Baptist, Presbyterian, Katoliko, at lahat na, Kaniyang binuksan ang isang Bukal. Ang Mga Hebreo

13 ay pinatutunayan ito, na Siya ay siya ring noon, ngayon, at magpakailanman. Kaya ito—ito'y pinatotohanan, ang Juan 3:16, "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa Kaniya'y sumampalataya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng Buhay na walang hanggan."

155 At ito ay itinaas para sa dalawang dahilan, dahil ang bayan ay nagbubulung-bulungan at nagkakasala, at sila ay nangatuka ng mga ahas at sila ay naghihingalo; at para sa kanilang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, at sa kagalingan ng kanilang mga karamdaman.

156 At 'yan ay ang siya ring Bukal na nabuksan sa atin ngayon, para sa ating kaligtasan at para sa ating kagalingan, pisikal na kagalingan. "Sapagka't Siya ang siya rin noon, ngayon, at magpakailanman."

157 At nang ang Bato na hinampas ng ipinangakong Salita ng Dios, ay nag-utos, ito ay sumisibol ng purong malinis na tubig; hindi—hindi mabaho, hindi kontaminado, kundi Sariling Presensiya ng Dios. Purong tubig, at iniligtas nito ang lahat na uminom. Ngayon alam natin na 'yan ay totoo, dahil nababasa natin ito sa lumang Tipan, bilang isang tipo.

158 Ngayon, hindi mo na kinailangan pang hilain ito, bombahin ito, ikabit ito, magpunta sa seminaryo upang matuto kung paano ito gamitin. Kanilang sasabihin sa iyo kung paano mo gagamitin ito doon, kita n'yo, "Oh, buweno, ikaw, kung natanggap mo na ang Espiritu Santo, naniniwala kami diyan, nguni't kaya iyong—iyong gawin ito sa *ganitong* paraan."

159 Nguni't, kita n'yo, walang pagkuntrol dito. Hindi mo ginagamit ang Espiritu Santo; ang Espiritu Santo ang gumagamit sa iyo, kita n'yo. Kita n'yo, hindi ikaw, hindi ikaw ang gagamit sa Espiritu Santo; ang Espiritu Santo ang may hawak sa iyo. Ang isang kaloob ay hindi isang bagay na iyong kinukuha, tulad ng isang kutsilyo, at patulisin ang lapis sa pamamagitan nito. Ito'y pagpapasakop ng iyong sarili sa Dios, at inaalis ang iyong sarili sa daan upang ang Espiritu Santo ay magamit ka.

160 Pansinin, hindi nila kailanman kinailangan na bombahin ito o hilain ito, o hindi nila kinailangang itanong, "Ngayon paano namin gagamitin ang tubig na ito?" Dahil, alam nila kung paano ito gamitin. Sila ay nauuhaw. Alam nila kung ano ang gagawin dito.

161 At gayon din sa isang lalaki o babae, ano, kahit ano man ang kaniyang kredo o denominasyon na kaniyang kinabibilangan. Kung siya ay nauuhaw sa Dios, hindi na niya kailangang tumakbong pabalik sa seminaryo, gaya ng ginawa nitong Anglikanong kapatid, o kapatid na taga-Britania, kagabi, kailangang bumalik at sumangguni kung paano, sa iglesiyang

Anglikano, kung paano niya dapat gamitin ang dakilang kaloob na ito na nasa kaniya, pagsasalita ng iba't-ibang wika, at kung paano niya dapat gawin *ito*. Kanilang sisipain siya palabas, sa pasimula pa lang. Kita n'yo? Siya ay nauhaw, kaya ang Dios ay pinuspos siya. Ganiyan lamang lahat ito. Ito'y pagkauhaw, at pagkatapos Siya ay magpupuno lamang.

162 Hindi mo na kailangan na magkaroon ng anumang kontrol, may magsasabi sa iyo kung ano ang gagawin dito. Pinapangunahan ng Dios ang bawa't indibiduwal sa—sa paraan na Kaniyang gustong gawin mo. Ikaw ay isang indibiduwal, sa sarili mo mismo. Ikaw ay isang bahagi ng Dios. Walang sinuman ang makakaagaw sa iyong puwesto. At walang paraan na kailangang pumaroon sa kaninuman, at sabihin ngayon, kailangan kong "gawin *ito* sa pamamagitan nito," o kailangan kong "gawin *iyon* sa pamamagitan nito." Hindi, po. Ginagamit ng Dios ito sa paraan na—na Kaniyang nais. Kapag ikaw ay nauuhaw, alam mo na kung paano ang uminom.

163 At kung ikaw ay nauuhaw sa umagang ito, uminom mula Rito, 'yan lang ang kailangan mong gawin. Ang Dios ay naglaan ng paraan para sa kanilang pagkauhaw, ang mga uhaw na anak upang makibahagi nang malaya sa Kaniya Mismo. At ang Dios ay naglaan ng daan sa bawa't lalaki at babae sa umagang ito, na nagugutom at nauuhaw. Marahil may mga taong nakaupo rito, na hindi pa naligtas. May mga taong nakaupo rito na nasa bingit na ng pagkaligtas.

164 May mga tao rito, nakaupo rito bilang mga miyembro ng iglesya, nais mong gumawa ng tama, nguni't ikaw ay umiinom mula sa isang balon. Hindi nila kailanman sasabihin sa iyo ang mga Katotohanang ito.

165 Ang tanging bagay, na makalapit, ay hawakan ang pangako ng Dios at lumapit sa Bukal na 'yan, pagkatapos Kaniyang papawiin ang pagkauhaw. "Siya na umiinom sa Bukal na ito ay hindi na muling mauuhaw."

166 Pansinin ngayon kung paano—kung paano Niya napalaya ang Kaniyang—Kaniyang mga anak na tumanggap nitong tubig, sa pamamagitan ng biyaya, at hindi sa pamamagitan ng isang sistema o isang balon ng edukasyon. Kaniyang pinatutunayan ang Kaniyang Salita, ay isang pinagkukunan ng Buhay. Ilan sa naririto ang nakakaalam na tinanggap mo ang Buhay nang tinanggap mo ang Salita na 'yan at ang Kaniyang tubig, sadyang alam mong tinanggap mo ang Buhay? [Ang kongregasyon nagsasabi, "Amen."—Pat.]

167 Ating kunin, buweno, bilang halimbawa, sadyang isa pang halimbawa, o dalawa, at pagkatapos ako'y magtatapos na sa ilang sandali. Ako—ako marahil ay may butones na 'yan sa kung saan. Nguni't pansinin. Ako'y patuloy lamang na nagsasalita,

nguni't hindi ko hangad na gawin ito. Tingnan, ating kunin bilang halimbawa, ilang tao lamang.

168 Ating kunin ang babae sa balon ni Jacob, isang hinukay na balon. Hayun siya'y nakaupo roon. Iyan lamang ang alam ng babae, ay ang balon na ito kung saan siya'y pumupunta upang umigib ng tubig. At sa kabilang dako roon ng balon kaniyang nakita, sa isang munting tanawin doon, isang Lalaking nakaupo roon, isang Hudyo. At siya ay isang Samaritana, ito'y lungsod ng Sicar. At ating nabatid na ang Lalaking ito, ang Hudyong ito, ay nangusap ng mga di-pangkaraniwang Salita sa babaeng ito, sabi, "Dalhan mo Ako ng inumin."

169 Sinabi niya ngayon, "Meron tayong pagbubukod. Ito'y hindi—hindi dapat para sa Iyo na tanungin ako ng gaya niyan; Ikaw bilang isang Hudyo, at ako na isang Samaritana."

170 Sabi Niya, "Nguni't kung alam mo kung Sino ang kinakausap mo, hihingi ka sa Akin ng inumin, at bibigyan Kita ng mga tubig na hindi mo na kailangang pumarito sa balon na ito upang inumin ito; magiging isang bukal ng tubig na sumisibol sa iyo." Pansinin nang kaniyang mabatid na ito'y talagang ang Katotohanan!

171 Ngayon, una, sinumang tao ay puwedeng sabihin iyon. Nguni't sinabi niya, "Inyong sinasabing sumamba sa Jerusalem, at kami ay sumasamba sa bundok na ito."

172 Sabi Niya, "Ang kaligtasan ay sa mga Hudyo. Alam namin kung ano ang aming sinasampalatayanan. Nguni't," sabi, "hayaang sabihin Ko sa iyo ang isang bagay," sa mga salitang kagaya nito, "ni sa bundok mang ito, o sa Jerusalem. Dumarating ang oras na ang tao ay sasamba sa Dios sa Espiritu at sa Katotohanan, sapagka't ang Ama ay naghahanap ng ganoon." Sabi Niya, "Humayo ka kunin mo ang iyong asawa at pumarito ka." Tingnan, dito pinatunayan ito. Dito'y ipinapakita kung anong balon siya'y naroon. Sabi, "Humayo ka at kunin mo ang iyong asawa at pumarito."

Sabi niya, "Wala akong asawa."

173 Sabi Niya, "Nagsabi ka ng katotohanan." Kita n'yo, para bang ito'y isang malinaw na taliwas sa kung ano ang hinihiling Niya sa kaniya, at nagsabi, "Humayo ka at kunin ang iyong asawa."

Sabi, "Wala akong asawa."

174 Sabi, "Nagsabi ka ng katotohanan." Sabi, "Dahil nagkaroon ka ng lima, at ang isang kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa."

175 Masdan ang babaeng yaon, gaano kaiba sa mga saserdote sa araw na 'yon! Ang mga saserdote sa panahon na 'yon ay nakita ang ganoon ding pangyayari, at nagsabi, "Iyan ay isang diablo,

isang pagbasa ng kaisipan, o—o isang Beelzebub." Kita n'yo, nabigo silang makita ang Salita na ipinangako ang gayon.

176 Nguni't ang munting babaeng 'yon ay mas nakaaalam sa Kasulatan kaysa sinuman sa mga saserdote. Ang sabi niya, "Ginoo, napagkikilala ko na Ikaw ay isang propeta. Wala kami ni isa sa loob ng apat na raang taon, mula sa Malakias. Nguni't," sabi, "naghahanap kami ng isa, at alam namin na may Isang darating, ang Mesias. At kapag Siya'y dumating, ganito nga ang maging Kaniyang gagawin."

Si Jesus nagsabi, "Siya nga Ako." Amen.

177 Inyo bang napansin, iniwanan niya ang kaniyang timba sa balon ni Jacob, tumakbo patungo sa siyudad; puno ng nag-uumapaw na balong bukal! Nakita niya itong ganap na pinagtibay, at Siya yaong Bukal ng Buhay. Hayaan ninyo akong ipakilala siya sa inyo. Iniwanan niya 'yon; nang napatunayan na Siya ang Salita ng Buhay. Iniwanan niya ito; at nalaman na ang siya ring Bato, na hinampas sa ilang, ay napatunayan na nandoon mismo.

178 Hayaang sabihin ko, na ang siya ring Dios na nasa mga nagdaang panahon, na labis nating ipinapangusap, Siya ay nandito ngayon; hindi sa pamamagitan ng isang kaunawaang pang-teolohiya, kundi sa pamamagitan ng personal na pagkaalam ng Kaniyang pagpapatunay na Kaniyang ibubuhos sa mga huling araw na ito, ang Espiritu Santo sa Kaniyang iglesya. Hindi Siya ang "Ako noon." Siya pa rin ang "AKO NGA," pangkasalukuyang panahon, palagi.

179 Nang magkagayon ang balon ay nawalan ng lasa. At ganon din ang bawa't tao na nahuhulog sa kapangyarihan ng Dios, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo, ang maka-denominasyong sistema ay nawawala ang lasa. Ayaw mo na ng mga naimbak na palaka, at mga bubuli, at mga kulisap, at iba pa. Ikaw ay umiinom sa isang Bukal na sariwa at dalisay, ang Salita ng Dios, sariwa bawa't oras sa iyong kaluluwa. Gaya pa rin ngayon, nang ang Salita ay napatunayan na Katotohanan, tikman at tingnan kung hindi ito tama.

180 Bagama't ang balon ay nagsilbi ng mabuti, nagsilbi ng mabuti sa kaniyang kapanahunan; nguni't, nakita n'yo, ang Bukal ng Buhay ay nandoon, hindi na ang balon ni Jacob, para sa espirituwal na pag-inom. Kung ano ang kanilang inisip, kung uminom sila mula sa balon na 'yon, aba, ito ay magiging ayos lang; nguni't ngayon ang Bukal ng Buhay Mismo ay naitakda roon.

181 Ngayon hindi na natin kailangan ang mga sistema at mga organisasyon na nagkaroon tayo. Tayo'y nasa huling panahon na. At ang Dios ay ipinangako, nitong huling panahon, ang mga bagay na Kaniyang gagawin. At nakita natin na ito'y naganap, sa Salita. Ating narinig ang lalaking may kapangyarihang

militar, tumayo, at nanginginig, at nagsasabi, sila, "Isang bagay na napipintong maganap." Ating nararamdaman ang Espiritu Santo na nagbababala sa atin na may isang bagay na napipintong maganap. Ating nakikitang ang lahat ng bagay ay nahanda na. Kung gayon, iwanan ang sistemang 'yan at lumapit sa Bukal. Opo, ginoo.

182 Nagamit na para sa layunin nito, nguni't ngayon siya'y nakaharap ng mukhaan sa Bukal Mismo.

183 Sa Juan 7:37-38, sinabi ni Jesus sa mga huling araw ng pista ng tabernakulo (ano ang Kaniyang sinabi?), "Kung ang sinuman ay nauuhaw, pumarito siya sa Akin, at uminom." Mismo sa langkay ng mga teologo! "Kung ang sinuman ay nauuhaw, pumarito siya sa Akin, at uminom. Sapagka't sinabi ng mga Kasulatan, mula sa Kaniyang kaloob-looban ay aagos ng mga ilog ng buhay na Tubig."

184 Hayan ang buhay na Bukal. Iyan ang Bukal na tinalikuran ng mga tao ngayon. Para sa credo, kanilang tinalikuran ang Bukal ng buhay na Tubig. Hayaang ipakilala ko kayo sa Kaniya. Siya, sa akin . . . At ako'y magtatapos.

185 Siya, sa akin, ay ang Bukal na iyon na nagligtas sa buhay ni Hagar, at ng bata, nang sila'y namamatay na sa ilang.

186 Ako'y naniniwalang Siya ang Batong iyon, sa Isaias 32, Siya ang Bato sa isang tigang na lupain. Siya ang kanlungan sa panahon ng bagyo.

187 Sa Zacarias 13, Siya ang Bukal na bukas sa Sangbahayan ni David, para sa kasalanan. Ako'y naniniwalang Siya iyon. Hindi ba? (Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Pat.]

188 Sa Mga Awit 36:9, Siya ang bukal ng Buhay ni David. Siya ang mga Tubig na pahingahan ni David, at sariwang pastulan. Siya ang Tubig sa tabi ng Batis, para kay David.

189 Sa Genesis 17, Siya ang taga-susong dibdib kay Abraham, si El Shaddai. Nguni't nang ang kaniyang buhay ay wala na sa kaniya, siya pa rin . . . sabi ng Dios.

190 "Isang lalaki na isandaang taong gulang, paano mangyayari ang bagay na ito? Ako'y matanda na, ang asawa ko ay matanda na, paano mangyayari ang mga bagay na ito?"

191 Kaniyang sinabi, "Ako si El Shaddai." Ngayon, ang *El* ay "ang," at—at ang *Shaddai* ay "dibdib," at ang Shaddai ay pang-maramihan, na ibig sabihin "Ako ang may dibdib na Dios."

192 Tulad ng isang sanggol na balisa at ito'y may sakit, at ang lakas nito ay wala na mula rito, nakahilig sa dibdib ng ina at isususo ang lakas nito pabalik. Sigurado. Hindi lamang . . . Pag ito'y sumususo, ito'y hindi na nababalisa pa. Sa dibdib ng ina, ito'y nasisiyahan habang ito ay kumukuha ng lakas nito.

193 At sinumang tao na manghahawakan sa pangako ng Dios sa kaniyang puso, na, "Ang pangako ay sa inyo, at sa inyong mga anak, sa kanila na nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa Kaniya," at humilig mismo riyan at magsususo ng iyong lakas pabalik. Balisang bata, sampalatayanan ito! Ito'y para sa mga mananampalataya.

194 Sa mananampalatayang manunula, ako'y makakaisip ng maraming awit na ang mga nanunula'y ginawa para sa atin. Merong isa sa kanila na nagsabi minsan, Siya . . .

Mayroong isang Bukal na puno ng Dugo,
Hinugot mula sa mga ugat ni Immanuel,
Kapag ang mga makasalanan ay maglublob sa ilalim ng baha,
Nawawalang lahat ang kanilang mantsa ng kasalanan.

Yaong naghihingalong tulisa'y nagalak na makita
Yaong Bukal sa kaniyang panahon;
Diyan nawa ako, bagama't napakasamang gaya niya,
Maghugas lahat ng kasalanan ko.

At mula noon sa pananampalataya aking nakita ang batis
Ang umaagos Mong mga sugat ang pinagmumulan,
Pag-ibig na tumutubos ang aking naging paksa,
At gayon pa rin hanggang ako'y mamatay.

195 Sa akin, Siya ang mga Tubig ng Salita ng Paghihiwalay, na naghihiwalay sa iyo sa lahat ng bagay na salungat sa Kaniyang Salita. Iyan ang Bukal na aking sinasampalatayanan na Siya nga. Opo, ginoo. Iyan, Ito'y ang mga Tubig na naghiwalay sa akin mula sa mga balon na gawa ng tao, patungo sa Bukal ng buhay na Tubig. Oh, kaibigan, ako maari lamang. . .Ikaw lamang ay magpatuloy at patuloy, sa mga bagay na—na kung sino Siya sa atin! Siya ang Alpha, Omega. Siya ang Simula, Siya ang Wakas. Siya ay Yaong nakaraan, ngayon, at darating. Siya ang Ugat at Supling ni David. Siya ay ang Tala sa Umaga. Siya ang aking Lahat-lahat.

196 At, kapatid na lalaki, kapatid na babae, kung hindi ka pa nagkaroon ng isang—isang. . . Umiinom lang mula sa munting tanke na ito na gawa ng tao, sa tanang buhay mo, bakit hindi mo sa umagang ito iwan ang tangkeng 'yan at lumapit sa Bukal na ito?

197 Iyukod natin ang ating mga ulo pansumandali lamang. Na nakayukod ang inyong mga ulo. . . [Isang kapatid na babae ay nagpasimulang umawit ng ibang wika. Blankong bahagi sa

teyp. May isang nagbigay ng interpretasyon—Pat.] . . . sa aking palagay, ang pagtawag sa altar. Ilan sa inyo ngayon?

198 Ako—ako sa kabuuan ay kinakabahan, aking—aking pinanatili kayo nang masyadong matagal, nagawa nitong putulin ang mensahe ko ng pira-piraso. Nguni't ako'y naniniwala na ang Espiritu Santo ay nais na maunawaan ninyo ang ibig kong sabihin. Masdan, wala nang hahalaga pa sa araw na ito kaysa sa maituwid tayo sa Dios; kita n'yo, ang ating mga hapunan, anuman ito, anuman. Ang Panginoon ay narito. Ngayon, akin lamang narinig iyan nang minsan sa buhay ko, mula sa oras na ito.

199 Ngayon paano . . . kayong lahat na naririto, hindi "gaano karami." Kayong lahat na naririto na gustong uminom mula Riyan, tumayo lamang sandali, para lamang sa panalangin. Pagpalain ka ng Dios. Pagpalain ka ng Panginoon.

200 Ngayon ilan sa inyo rito, na—na nakatayong narito ngayon, ang magsasabi, ng nakataas ang kamay katulad *nito*, "Dios, kumilos Ka sa akin, sadyang puspusin ako, painumin ako sa Bukal na ito. At hindi ko nagawa sadyang kung ano ang tama, nguni't aking—aking hinahangad sa Iyo na patawarin ako rito. Nais kong hugasan Mo ang aking mga kasalanan. At hayaan—hayaan—hayaan ako, mula sa araw na ito, sadyang . . . ?" Masdan lang! Naku!

There is a Fountain filled with Blood,
Drawn from Immanuel's veins,
And sinners plunged beneath the flood,
Lose all their guilty stains.

Lose all their guilty stains,
Lose all their guilty stains;
And sinners plunged beneath the flood,
Lose all their guilty stains.

201 Ngayon na, ikaw na isang Cristianong mananampalataya, iyong tinanggap si Cristo bilang iyong sariling Tagapagligtas, nguni't hindi mo pa sa ngayon . . . Ngayon kung hindi ka pa, 'yan ang Bukal. Ang nag-Iisang alam ko ay yaong Bukal mula sa mga ugat ni Immanuel. Ngayon, at kung marami sa inyo rito . . .

202 Ito'y katulad lamang sa naipangusap ko noong nakaraang gabi tungkol sa isang munting agila na naglalakad sa isang bakuran na kasama ang mga manok. At wala na siyang iba pang alam kundi ang mga manok, nguni't alam niya meron isang bagay sa kaniya na naiiba sa mga manok. At noon ang kaniyang ina ay hinahanap siya, at sumigaw siya mula sa itaas. Iyon ay isang pagtawag ng agila. Kita n'yo, siya nga ay isang agila, sa panimula pa lang, o hindi sana niya nakilala ang pagtawag na 'yon. Kita n'yo, siya . . .

203 Kailangang may isang bagay doon, na maybuhay, o hindi ito kailanman makapagbubunga ng Buhay. At kapag ang Binhi,

ang Salita ng Dios, ay nasa iyo, ang Espiritu Santo ay narito ngayon upang buhayin 'yon at dalhin Ito patungo sa isang tunay na buhay sa 'yo.

204 Ilan sa narito ang hindi pa nakatanggap ng bautismo ng Espiritu Santo, puwede mo bang itaas ang iyong mga kamay? Sa buong palibot, sa bawa't dako, maging totoong tapat lamang, kung hindi mo pa tinanggap ang Espiritu Santo, at nais mo, itaas mo ang iyong kamay. Kahit saan ka man naroroon, panatilihin lamang na nakataas ang inyong kamay, saglit lamang.

205 Ngayon nais kong, kayong nakatayo sa palibot at nakatingin sa kanila, nais kong merong magpatong ng mga kamay sa kanila.

206 Ako'y naniniwala ngayon mismo ang Espiritu Santo ay pupuspusin ang bawa't isa sa inyo na nagnanais Nito. Ngayon huwag isipin ang tungkol sa pagkain doon sa cafeteria. Isipin natin ang Pagkain dito. Ito ang Isang 'yon. Ito ang Buhay. Kita n'yo, ito ang Buhay.

207 Ngayon lumingon sa kanan, bawa't isa sa inyo, at ipatong ang mga kamay sa isa't isa. "At kanilang pinatungan sila ng mga kamay!" Ngayon nais kong ipanalangin mo ang taong 'yan na pinatungan mo ng kamay . . .

208 Ngayon, huwag isipin ang lumabas. Huwag mag-isip ng tungkol sa anupaman. Isipin lang, mismo ngayon, ang Espiritu Santo ay narito upang puspusin ang bawa't indibiduwal. Buksan ang inyong puso, itapon lahat ang tubig ng balon, at sabihin "O Bukal ng Buhay, pumasok Ka sa akin. Puspusin ako, O Panginoong Dios, ng Iyong kabutihan at kahabagan."

209 Panginoong Jesus, yaong hindi natutuyuang Bukal! Dumadalangin ako, Dios, na puspusin Mo ang bawa't isa sa kanila. Nawa ang Espiritu Santo ay bumaba rito. Dalangin ko, Dios, na makalimutan namin ang lahat na anupamang bagay; na ang Espiritu Santo ay bumaba sa kalagitnaan namin, sa sandaling ito, at ibigay sa amin ang Tubig ng Buhay na iyon, masagana, mula sa bawa't dako. Ipagkaloob ito, O Dios. Habang ang—ang panalangin at awit ay patuloy, magkasabay na nagkakasundo, Panginoon, nalalaman na 'yan ay ang Iyong Presensiya, ang Banal Mong Presensiya, nais naming lumapit sa Bukal. Nais namin ng totoo, tunay na bautismo ng Espiritu Santo. Panginoon, ang mga taong ito ay dumadalangin Nito. Dalangin ko na, itong tamang pagkakataon ngayon, na sila'y mapuspos nitong kabutihan ng Dios. Ipagkaloob ito, O Dios. Dinggin ang dalangin ng Iyong mga anak. Nawa Ikaw ay pumasok sa kanilang pagkatao, nawa ang Kapangyarihan ng Dios, at ang Espiritu Santo, ay puspusin ng lubos sila. Ipagkaloob ito, Panginoon.

210 O gaano Ka namin pinasasalamatan sa pagpapanariwa, para sa Presensiya ng Makapangyarihang Dios ng Kalangitan, nakatayo sa aming kalagitnaan! Mismo sa katanghaliang oras

na ito, Panginoon, pakanin kami! Panginoon, nais namin ng pagkain mula sa Iyong dulang. Pakanin kami, Panginoon, sa sandaling ito. Pakanin mo kami ng Espiritu Santo, sa aming mga buhay. Ang aming gutom at tigang na mga kaluluwa ay nauuhaw. Kagaya ng nasabi Mo sa interpretasyon ng awit, "Ibubuhos Nito ang tubig sa tigang na lupa." Hayaang maganap ito, Panginoon. Hayaan ang mga Salita Mo ay mahayag sa mga puso ng Iyong mga Anak, "Mga tubig sa tuyo, tigang na lupa." Walang Hanggang Dios, dinggin ang dalangin ng Iyong mga lingkod, at ibigay sa amin ang Pagpapalang iyon. Amen.

Oh, how I love Je-. . .

211 Manatiling lamang na nagpupuri sa Kaniya ngayon. Alamin, ang Espiritu Santo ay narito. Kung hindi mo matanggap Ito, ito'y kasalanan mo.

How I love Jesus,

"Mahal mo ba Ako ng higit sa mga ito?"

. . . love Jesus,
Because He first loved me.
Oh, how I love . . . (Papuri sa Dios!)
Oh, how I love . . . (Paano kung Siya ay dumating lamang . . . ? . . . -dali?)

Oh, how I love Jesus,
Because He first loved me.

I'll never forsake Him,
I'll never forsake Him,
I'll never forsake Him,
Because He first loved me.

Wonderful, wonderful, Jesus is to me,
The Counselor, Prince of Peace, Mighty God is He;
Oh, saving me, keeping me from all sin and shame,
Wonderful is my Redeemer, praise His . . .

212 Ating awitin ito para sa Kaniya ngayon!

Wonderful, wonderful, Jesus is to me,
Counselor, the Prince of Peace, Mighty God is He;
Oh, saving me, keeping me from all sin and shame,
Wonderful is my Redeemer, praise His Name!

213 Lahat ng nakadarama niyan, sabihin "amen." [Sabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, aleluya! Aking nakikita ang ilang tao na lumalapit ngayon, kasama ang Espiritu Santo.

I once was lost, now I'm found, free from condemnation,
Jesus gives liberty and a full salvation;
Saving me, keeping me from all sin and shame,
Wonderful is my Redeemer, praise. . .

Ating itaas ang ating mga kamay ngayon at tunay na magpu-. . .

Oh, wonderful, wonderful, Jesus is to me,
A Counselor, the Prince of Peace, Mighty God is He;
Oh, saving me, keeping me from all sin and shame,
Wonderful is my Redeemer, praise His Name.

214 Mahal n'yo ba Siya? [Sabi ng kongregasyon, "Amen!"—Pat.] Oh, kamangha-mangha! Papuri ang sa Bukal na 'yan na puno ng Dugo, kung saan ang mga makasalanan ay nawawala ang lahat ng takot sa tao, lahat ng kahatulan, sadyang malaya na sa Kaniya. Aleluya! Oh, naku, 'yan ay tunay na kamangha-mangha!

215 Ngayon habang ating inaawit 'yan muli, hayaan nating lahat ng Methodist, Baptist, Katoliko, Presbyterian, ano pa, habang ating inaawit ito, "Wonderful, Jesus is to me," tayo lamang ay lumingon at makipagkamay sa isa't isa, magkaroon lamang ng mainam na pakikisalamuha. Alam n'yo, ako, 'yan ang gusto ko. Sige, ating awitin 'yan ngayon tulad ng ginawa natin.

Oh, wonderful, wonderful, Jesus is to me,

216 [Si Kapatid na Demos Shakarian ay nakipag-usap kay Kapatid na Branham, "Kapatid na Branham, may kababalita lamang sa akin tungkol sa Presidente Johnson, itinakbo sa ospital dahil sa atake sa puso, at siguro dapat tayong manalangin para sa kaniya at sa ating bansa." Ang mga kapatiran ay pinag-usapan ito. May isang nagsabi, "Tayo'y maghintay sandali."—Pat.]

Wonderful, Jesus is, (tama 'yan)
Oh, Counselor, Prince of Peace,

217 [Si Kapatid na Shakarian ay muling nakipag-usap kay Kapatid na Branham, "Pagpaumanhinan ako, pagpaumanhinan muli ako, gusto mo bang bumaba sandali lamang?" Si Kapatid na Earl Prickett ay pinangunahan ang kongregasyon sa pag-aawitan ng, *Wonderful*. Blankong bahagi sa teyp. Ang kongregasyon ay umawit ng *There's A River Of Life*. Isa pang blankong bahagi sa teyp—Pat.]

Ang sabi sa Biblia, "Ipanalangin yaong mga nasa kapangyarihan."

218 Aming Makalangit na Ama, kami ay nakatayo sa isang disperadong pangangailangan para sa tagapanguna ng aming

bansa, ang aming Presidente. Hindi man niya marahil malaman ito, Panginoon, nguni't nababatid Mo ito. Ako'y dumadalangin para kay Kapatid na Johnson, bilang kaniyang ipinapahayag na siya'y isang mananampalataya sa Iyo. At, Ama, isang atake sa puso, nauunawaan namin, ay tumama sa kaniya. Dumadalangin ako, Dios, iligtas mo ang kaniyang buhay. Kami ay nasa isang— isang pambansang krisis ngayon, kahit paano. At hayaan ang Iyong Espiritu ay dumating sa kaniya, Panginoon. At ngayon din, sa ospital o kung saan man siya naroroon, at hayaang ang Iyong Espiritu ay bumaba sa Walter Reed Hospital na 'yan at hipuin ang kaniyang katawan, inililigtas ang kaniyang buhay. Panginoon, ang tao ay nasa kabigatan, mas nabibigatan higit sa aming nauunawaan. Kaya dumadalangin kami, Dios, bilang mga mananampalataya at bilang isang bahagi ng bansang ito, kami ay dumadalangin para sa aming tagapanguna, na Iyong ipagkakaloob sa kaniya ang dagdag na buhay, sa dakilang oras na ito, sa Pangalang ni Jesus Cristo. Amen.

*MGA SIRANG BALON* TAG65-0123
(Broken Cisterns)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng umaga, Enero 23, 1965, para sa agahan ng Full Gospel Business Men's Fellowship International sa Ramada Inn sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2009 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org